Outline para sa Oras ng Pagbabahagi

# Piliin ang Tama

*"Piliin ninyo sa araw na ito kung sino ang inyong paglilingkuran; . . . nguni't sa ganang akin at ng aking sangbahayan ay maglilingkod kami sa Panginoon" (Josue 24:15).*





# Mga Tagubilin para sa Oras ng Pagbabahagi at Pagtatanghal ng mga Bata sa Sacrament Meeting

**Mahal naming mga Primary Presidency at Music Leader,**

Ngayong taon may pagkakataon kayong ituro sa mga bata ang kahalagahan ng pagpili ng tama. Ang pagkatutong gumawa ng mabubuting pagpili ay mahalagang bahagi ng plano ng ating Ama sa Langit para sa atin at maghahatid ng maraming pagpapala. Hangaring anyayahan ang Espiritu ng Panginoon habang mapanalangin ninyong itinuturo ang mga araling kabilang sa outline na ito. Kapag ginawa ninyo ito, malalaman ng mga bata na makatatanggap sila ng tulong sa paggawa ng mga pasiya sa pamamagitan ng pagsunod sa halimbawa ni Jesucristo, pamumuhay ayon sa mga alituntunin ng ebanghelyo, at pagsunod sa mga panghihikayat ng Espiritu Santo. Ang pagpili ng tama ay makatutulong sa mga bata na manatili sa landas pabalik sa ating Ama sa Langit.

Pinasasalamatan namin ang inyong tapat na paglilingkod habang minamahal at tinuturuan ninyo ang katangi-tanging mga bata sa inyong Primary. Ipinagdarasal namin kayo at alam namin na pagpapalain kayo ng Panginoon sa paglilingkod ninyo sa mahalagang tungkuling ito.

**Ang Primary General Presidency**

## Mga Tagubilin para sa Oras ng Pagbabahagi

### Pagtuturo ng Ebanghelyo

Gamitin ang buklet na ito sa paghahandang magturo ng 15-minutong aralin linggu-linggo sa oras ng pagbabahagi. Madaragdagan ninyo ang mga lingguhang aralin ng iba pang mga materyal na inaprubahan ng Simbahan, tulad ng *Liahona*. Tutulungan kayo ng sumusunod na mga gabay na planuhin at ilahad ang mga aralin.



*Mahalin ang mga Tinuturuan Ninyo.* Ipakita ang pagmamahal ninyo sa mga bata sa pamamagitan ng pag-alam sa kanilang mga pangalan at mga kinawiwilihan, talento, at pangangailangan.

*Ituro ang Doktrina sa Pamamagitan ng Espiritu.* Habang naghahanda kayo ng mga aralin, manalangin na patnubayan kayo at sikaping palakasin ang inyong patotoo tungkol sa mga alituntuning ituturo ninyo. Tutulungan kayo nitong magturo sa pamamagitan ng Espiritu.

*Maghikayat ng Pagkatuto.* Ang buklet na ito ay ginawa para tulungan kayong malaman hindi lamang *kung ano* ang ituturo kundi maging *kung paano* magturo at maghikayat ng pagkatuto. Mas epektibo ninyong maituturo ang doktrina kapag ginawa ninyo ang sumusunod na tatlong bagay sa bawat aralin:

1. **Tukuyin ang doktrina.** Malinaw na ipabatid ang doktrinang matututuhan ng mga bata. Pag-isipan ang mga paraan para masabi ito at maipakita. (Para sa ilang halimbawa, tingnan ang mga aralin para sa ikatlong linggo ng Mayo at ikalawang linggo ng Agosto.)
2. **Maghikayat ng pag-unawa.** Tiyaking higit na maunawaan ng mga bata ang doktrina sa pamamagitan ng paggamit ng iba't ibang pamamaraan sa pagtuturo na umaakit sa kanila na matuto, tulad ng pagkanta ng mga awitin, dula-dulaan, at pagbabasa ng mga banal na kasulatan.
3. **Maghikayat ng pagsasabuhay.** Bigyan ang mga bata ng mga pagkakataong ipamuhay ang doktrina. Pag-isipan kung paano sila magpapahayag ng damdamin o magtatakda ng mithiin na nauugnay sa doktrina.

**Bawat linggo, magplano ng mga paraan para (1) tukuyin ang doktrina, (2) maipaunawa ito sa mga bata, at (3) tulungan silang maipamuhay ito.**

Ang buklet na ito ay naglalaan ng kumpletong mga aralin para sa ilan sa mga linggo ng buong taon. May mga ideya, ngunit hindi kumpletong mga aralin, para sa iba pang mga linggo. Dagdagan ng ilang sarili ninyong ideya ang mga ideyang iyon. Makakakuha kayo ng mga ideya sa pamamagitan ng pagbabasa ng iba pang mga aralin sa buklet na ito. Kapag may ikalimang Linggo, gamitin ang oras

**Makikita online:** *Ang impormasyon, mga visual, at mga sangguniang ginamit na reperensya sa buklet na ito ay makikita online sa bahaging Serving in the Church ng LDS.org.*

na ito para repasuhin ang nakaraang mga aralin. Magagabayan kayo ng Espiritu sa pagpaplano at paghahanda ng mga aktibidad para sa mga aralin.

Makipagtulungan sa music leader sa paghahanda ng inyong mga aralin. Ang pagkanta ng mga awitin ay magpapatibay sa mga doktrinang inyong itinuturo. Paminsan-minsan maaari kayong magpatulong sa mga guro at sa kanilang mga klase sa mga bahagi ng pagtuturo ng ebanghelyo.

Iminumungkahi sa ilang aralin na anyayahang makilahok ang mga panauhing tagapagsalita sa Primary. Dapat kayong humingi ng pahintulot sa inyong bishop o branch president bago anyayahang makilahok ang mga taong ito.

Nakalakip sa mga aralin ang ilang tip sa pagtuturo na tutulong sa inyo na mapahusay ang kakayahan ninyong magturo. Kasama rin sa mga aralin ang mga larawang magpapakita sa inyo kung ano ang hitsura ng aktibidad. Kahit mahalagang magkaroon ng mga kasanayan sa pagtuturo, sarili ninyong espirituwal na paghahanda at patotoo ang mag-aanyaya sa Espiritu na pagtibayin ang mga doktrinang ito sa puso ng mga bata.

### Oras ng Kantahan

Ang musika sa Primary ay dapat maghikayat ng pagpipitagan, magturo ng ebanghelyo, at ipadama sa mga bata ang impluwensya ng Espiritu Santo at ang galak na nagmumula sa pagkanta. Isang 20-minutong yugto ng oras ng pagbabahagi ang dapat ilaan sa pagkanta at pagtuturo ng musika. Titiyakin nito na may sapat na oras kayong magturo ng bagong kanta at tulungan ang mga bata na masiyahan sa pagkanta.

Kasama sa buklet na ito ang isang bagong awiting pag-aaralan ng mga bata ngayong taon (tingnan sa pahina 28). May isang bahagi rin dito na pinamagatang “Paano Gamitin ang Musika sa Primary” (tingnan sa mga pahina 26–27) at karagdagang mga ideya sa pagtuturo ng mga awitin sa mga bata (tingnan sa mga pahina 9, 17).



**Paghahanda:** *Manalangin na patnubayan kayo at hangarin ang impluwensya ng Espiritu habang naghahanda kayo ng inyong mga oras ng pagbabahagi. Habang naghahanda kayo at nagtuturo ayon sa Espiritu, pagtitibayin Niya ang katotohanan ng itinuturo ninyo. (Tingnan sa* PWHDT, *15.)*

## Mga Gabay sa Pagtatanghal sa Sacrament Meeting



Sa pamamahala ng bishop o branch president, ang pagtatanghal ng mga bata sa sacrament meeting ay karaniwang ibinibigay sa ikaapat na kwarter ng taon. Kausapin ang tagapayo sa bishopric o branch presidency na namamahala sa Primary sa mga unang buwan ng taon para talakayin ang mga paunang plano. Hingin ang kanyang pahintulot kapag tapos na ang mga plano.

Planuhing maitanghal ng mga bata ang programa ayon sa mga buwanang tema sa oras ng pagbabahagi. Sa buong taon, itala ang mga pananalita at personal na karanasan ng mga bata na posibleng magamit sa pagtatanghal. Habang nagpaplano kayong ipabahagi sa mga bata ang natutuhan nila sa tema ngayong taon, mag-isip ng mga paraan na matutulungan nilang magtuon ang kongregasyon sa mga doktrina ng ebanghelyong itinuturo nila. Maaaring tapusin ng isang miyembro ng bishopric ang miting sa maikling pananalita.

Habang inihahanda ninyo ang pagtatanghal, tandaan ang sumusunod na mga tuntunin:

- Hindi dapat magamit sa mga praktis ang oras ng klase o pamilya kung hindi kailangan.
- Ang mga visual, costume, at media presentation ay hindi angkop sa sacrament meeting.

**Mga Sanggunian:** *Makakakita kayo ng karagdagang mga sanggunian sa pagtuturo tulad ng mga pahinang kukulayan, kuwento, at aktibidad sa* Liahona, *manwal sa nursery, at Aklat ng Sining ng Ebanghelyo. Gamitin ang mga sanggunian ito para dagdagan ang inyong mga aralin. Maghanap din ng isang listahan ng mga sanggunian tungkol sa partikular na mga paksa ng ebanghelyo mula sa* Friend *sa friend.lds.org. Ang mga sangguniang ito ay maaaring i-print at gamitin sa pagtuturo sa mga bata.*

## Mga Sangguniang Ginamit sa Buklet na Ito

Ang sumusunod na mga daglat ay ginamit sa buong buklet:

| | |
|---|---|
| *AAP* | *Aklat ng mga Awit Pambata* |
| PWHDT | *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin* |

Maraming aralin ang may mga mungkahi sa paggamit ng mga larawan. Makikita ninyo ang mga larawan sa *Aklat ng Sining ng Ebanghelyo,* Pakete ng mga Larawan ng Sining ng Ebanghelyo, mga pakete ng mga larawan sa manwal ng Primary, at mga magasin ng Simbahan at online sa images.lds.org.


**Enero**

# Ang Kalayaan ay Kaloob na Pumili para sa Ating Sarili

**Awitin: “Bilang Anak ng Diyos”**
**(pahina 28 sa outline na ito)**

*“Anupa’t ang tao ay malaya[ng] . . . makapipili ng kalayaan at buhay na walang hanggan, sa pamamagitan ng dakilang Tagapamagitan ng lahat ng tao” (2 Nephi 2:27).*

*Dagdagan ng ilang sarili ninyong ideya ang mga ideyang narito. Bawat linggo, magplano ng mga paraan para (1) tukuyin ang doktrina, (2) maipaunawa ito sa mga bata, at (3) tulungan silang maipamuhay ito.* ***Itanong sa sarili, “Ano ang gagawin ng mga bata para matuto, at paano ko sila matutulungang madama ang Espiritu?”***




**Paggamit ng mga banal na kasulatan:** *Mahalagang matutuhan ng mga bata ang mga katotohanan ng ebanghelyo mula sa mga banal na kasulatan. Para sa ilang ideya kung paano ituro sa mga bata ang mga kuwento sa mga banal na kasulatan, tingnan sa* PWHDT, 71 72.


## Mga linggo 1 at 2: Ang kalayaan ay kaloob na pumili para sa ating sarili.

**Tukuyin ang doktrina** *(maglaro ng hulaan):* Sabihin sa mga bata na may iniisip kayong isang salita, at bigyan sila ng mga clue para mahulaan nila ang salita. Ipataas ang kanilang mga kamay kapag alam nila ang sagot. Maaaring ibilang sa mga clue ang mga sumusunod: Taglay natin ito bago tayo pumarito sa lupa. Ito ay isang kaloob mula sa ating Ama sa Langit. Mahalagang bahagi ito ng plano ng Ama sa Langit para sa atin. Gusto itong kunin ni Satanas mula sa atin. Ginagamit natin ito kapag pumipili tayo. Ito ay isang kaloob na hinahayaan tayong pumili para sa ating sarili. Nagsisimula ito sa letrang *K*. Kapag nahulaan ng mga bata ang sagot, sabay-sabay na sabihing, “Ang kalayaan ay kaloob na pumili para sa ating sarili.”

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagkakita at pagtalakay sa isang pakay-aralin):* Ipakita sa mga bata ang isang patpat na may nakasulat na salitang *pagpili* sa isang dulo at salitang *mga bunga* sa kabilang dulo. Ipaliwanag na ang bunga ay ang natural na nangyayari dahil sa pagpiling ginagawa natin; halimbawa, kung piliin nating magpraktis ng pagtugtog ng isang instrumentong musikal, huhusay tayo rito, at kung piliin nating humipo ng apoy, mapapaso tayo. Damputin ang patpat at ipakita sa mga bata na tuwing dadamputin ninyo ang patpat, nasa inyo kapwa ang pagpili at ang bunga ng pagpiling iyon. Ipabasa sa isang batang nakatatanda ang 2 Nephi 2:27. Sabihin sa iba pang mga bata na pakinggan kung ano ang mga bunga ng pagpili ng tama (kalayaan at buhay na walang hanggan) at kung ano ang mga bunga ng pagpili ng mali (pagkabihag at kalungkutan). Magdrowing sa pisara ng isang simpleng diagram na gaya ng ipinakita rito.




Ipaunawa sa mga bata na kapag pinili nating gumawa ng mabuti, humahantong ito sa kalayaan at kaligayahan, at kapag pinili nating gumawa ng mali, humahantong ito sa pagkabihag at kalungkutan.





Papuntahin ang dalawang bata sa harapan ng silid, at pahawakan sa bawat bata ang tig-isang dulo ng patpat. Sabihin sa batang nakahawak sa dulong may nakasulat na “pagpili” na magbigay ng isang halimbawa ng mabuting pagpili (halimbawa, magsalita ng maganda sa iba). Sabihin sa batang

*Patibayin ang pagkatuto ng mga bata sa pamamagitan ng pag-uulit. Itago ang patpat na “pagpili at mga bunga.” Magkakaroon ng iba pang mga pagkakataong gamitin ito sa oras ng pagbabahagi sa buong taon.*



nasa kabilang dulo na magbahagi ng mga posibleng bunga ng pagpiling iyon (halimbawa, magkaroon ng nagtatagal na pagkakaibigan). Ulitin sa ilan pang mga bata.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pag-aaral ng mga kuwento sa mga banal na kasulatan):* Sa unang dalawang linggo ng buwan, magturo ng ilang kuwento mula sa mga banal na kasulatan na nagpapakita kung paano humahantong sa kalayaan at kaligayahan ang pagpili ng tama at kung paano humahantong sa pagkabihag at kalungkutan ang pagpili ng masama. Kabilang sa mga kuwento sa mga banal na kasulatan na magagamit ninyo ang tungkol sa Tagapagligtas at kay Satanas (tingnan sa Moises 4:1–4); sina Nephi at Laman at Lemuel (tingnan sa 1 Nephi 2–4, 7, 18); sina Sadrach, Mesach, at Abed-nego (tingnan sa Daniel 3); o sina Alma at Haring Noe (tingnan sa Mosias 17–19). Matapos ituro ang isang kuwento, pahawakan sa dalawang bata ang magkabilang dulo ng patpat na "pagpili at mga bunga." Ipapaliwanag sa isang bata ang mga pagpiling ginawa ng mga tao sa kuwento at sa isa pang bata ang mga bunga ng mga pagpiling iyon.



**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pakikinig sa isang kuwento):* Maglagay ng isang larawan ni Jesucristo sa pisara. Magdrowing ng mga baitang na patungo sa larawan. Gumuhit ng pigura ng isang tao sa isang papel, at ilagay ito sa pinakaibaba ng mga baitang. Magkuwento nang maikli tungkol sa mga pagpiling magagawa ng isang bata sa loob ng isang araw. Para sa bawat pagpili, sabihin sa mga bata na ipakita kung ito ay mabuti o masamang pagpili sa pamamagitan ng pagtayo kapag mabuti ang pinili at pag-upo kapag masama ang pinili. Halimbawa: "Inagawan ni Jane ng laruan ang kanyang bunsong kapatid na lalaki, at nagsimula itong umiyak. Nang tanungin ng kanyang ina si Jane kung bakit ito umiiyak, hindi raw niya alam." Para sa bawat mabuting pagpili, isulong ang pigurang patpat nang isang hakbang palapit kay Jesus. Ituloy ang kuwento sa iba pang mga pagpili hanggang sa makarating ang pigurang patpat sa Tagapagligtas. Talakayin kung paano tayo lumiligaya at mas napapalapit sa Panginoon sa mabubuting pagpili.



**Mga pakay-aralin**

*"iugnay ang [isang] hindi nakikitang ideya . . . sa [isang] nakikitang bagay na may kaalaman ang mag-aaral at pagkatapos ay gawing pundasyon ang kaalamang iyon" (Boyd K. Packer, sa* PWHDT, *216).*

## Linggo 3: Sa buhay bago tayo isinilang, pinili kong sundin ang plano ng Diyos.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagkanta ng mga awitin):* Talakayin nang kaunti ang sumusunod na mga konsepto, pagkatapos ay awitin ninyo ng mga bata ang kaukulang mga awitin: Bago ako isinilang sa langit ako nanirahan ("Sa Langit Ako'y Nanirahan" [*Liahona, Okt. 2010,* 4]). Pinili kong pumarito sa lupa at tumanggap ng katawan ("Ako ay Anak ng Diyos" [*AAP,* 2–3]; "Ang Diyos sa Akin ay Nagbigay ng Templo" [*AAP,* 73]). Ako ay mabibinyagan at tatanggap ng kaloob na Espiritu Santo ("Sa Aking Pagkabinyag" [*AAP,* 53]; "Ang Espiritu Santo" [*AAP,* 56]). Makapaghahanda akong pumunta sa templo ("Templo'y Ibig Makita" [*AAP,* 99]; "Mag-anak ay Magsasamang Walang Hanggan" [*AAP,* 98]). Ako ay mabubuhay na mag-uli ("Isinugo, Kanyang Anak" [*AAP,* 20–21]).

## Linggo 4: Nilikha ni Jesucristo ang daigdig bilang lugar kung saan ako matututong pumili ng tama.

**Tukuyin ang doktrina** *(pagkakita at pagtalakay sa isang pakay-aralin):* Magpakita sa mga bata ng isang lalagyan na mayroong iba't ibang kulay ng krayola. Magpakita sa kanila ng pangalawang lalagyan na mayroong iisang kulay lamang. Itanong sa mga bata: "Kung kukulayan ninyo ang isang larawan, alin sa mga lalagyang ito ng krayola ang gagamitin ninyo? Bakit?" Ipaliwanag na ang pagkakaroon ng iba't ibang pagpipilian ay isang pagpapala. Magpatotoo na mahal tayo ng Ama sa Langit at ni Jesucristo at nais Nila tayong gumawa ng mga tamang pagpili.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagkukulay):* Pakulayan sa mga bata ang isang kopya ng paglalarawan sa pahina 35 ng manwal sa nursery na, *Masdan ang Inyong mga Musmos,* o pagdrowingin sila ng katulad na mga larawan na gayon din ang mga caption. Talakayin kung sino ang lumikha ng mga bagay na nasa drowing at kung bakit nilikha ang mga ito. Ituro sa mga bata na inaasahan tayo ng Ama sa Langit na pangalagaan ang mundong ito na nilikha ng Kanyang Anak para sa atin. Magpabahagi sa mga bata ng mga paraan na mapipili nilang pangalagaan ang daigdig at ang mga nilikhang naroon. Ipauwi sa mga bata ang kanilang drowing at ipasabi sa kanilang mga magulang na gawin itong aklat.



*Sa aktibidad na ito, maaari ninyong piliing itanghal ang konsepto na ang pagpili ay isang pagpapala gamit ang mga krayola, mga lapis na pangkulay, iba't ibang prutas, o anumang iba pang bagay na pamilyar sa mga bata.*

**Pebrero**

# Kapag Pinipili Natin ang Tama, Tayo ay Pinagpapala


**Awitin: "Piliin ang Tama"**
**(*Mga Himno*, blg. 145)**

*"Kung inyong susundin ang kanyang mga kautusan, kayo ay kanyang pagpapalain at pauunlarin"* (Mosias 2:22).

*Dagdagan ng ilang sarili ninyong ideya ang mga ideyang narito. Bawat linggo, magplano ng mga paraan para (1) tukuyin ang doktrina, (2) maipaunawa ito sa mga bata, at (3) tulungan silang maipamuhay ito.* ***Itanong sa sarili, "Ano ang gagawin ng mga bata para matuto, at paano ko sila matutulungang madama ang Espiritu?"***

## Linggo 1: Si Noe ay pinagpala sa pagpili ng tama.

**Tukuyin ang doktrina** *(paglalaro ng pagtutugma):* Magdrowing sa pisara ng isang simpleng arka. Maghanda ng ilang set ng dalawang magkatulad na larawan ng mga hayop. Bigyan ng isang larawan ang bawat bata. Patayuin ang mga bata at ipagaya ang ingay ng hayop sa kanilang larawan at pakinggan ang iba na gayon din ang ginagawang tunog. Kapag nagkatagpu-tagpo ang mga batang magkakatugma ang mga larawan, patayuin sila nang magkakatabi hanggang maipares ang lahat ng hayop. Palapitin ang mga bata na magkakapares at ilagay ang kanilang hayop sa drowing na arka. Itanong sa mga bata, "Sinong propeta ang inutusan ng Panginoon na tipunin ang mga hayop sa arka?" Ituro na marahil ay mahirap tipunin ang napakaraming hayop sa arka, ngunit pinili ni Noe na sundin ang utos ng Panginoon.



Makikita ang drowing sa sharingtime.lds.org

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagbabasa ng mga banal na kasulatan):* Magpakita sa mga bata ng isang larawan ni Noe na nangangaral, at basahin ang Moises 8:20. Itanong sa mga bata kung bakit sa palagay nila hindi pinakinggan ng mga tao si Noe. Hatiin sa gitna ang pisara, at isulat ang sumusunod na mga tanong sa isang panig, na may hindi sunud-sunod na mga reperensya sa banal na kasulatan sa kabilang panig: Ano ang gagawin ng Panginoon para puksain ang masasama? (Genesis 6:17). Ano ang ipinagawa Niya kay Noe para iligtas ang pamilya nito? (Genesis 6:18). Ano ang ginawa ni Noe para piliin ang tama? (Genesis 7:5). Ipabasa sa mga bata ang mga banal na kasulatan at ipahanap kung alin ang sagot sa bawat tanong. Magpakita sa mga bata ng isang larawan ni Noe na binubuo ang arka. Ipaliwanag na kung minsan ay mahirap piliin ang tama. Itanong, "Paano pinagpala si Noe sa pagpili ng tama?" Hikayatin ang mga bata na ibahagi kung paano sila mapagpapala kapag pinili nila ang tama.



**Pagpipitagan:** *Maaaring matuto ang mga bata sa pamamagitan ng nakatutuwang mga aktibidad at paggalaw at manatili pa ring nagpipitagan. "Ang pagpipitagan . . . ay hindi katulad ng lubos na katahimikan"* (Boyd K. Packer, "Reverence Invites Revelation," Ensign, *Nob. 1991, 22).*

## Linggo 2: Pinagpala ang mga disipulo ni Jesus sa pagpili ng tama.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagbabasa ng mga banal na kasulatan, pagkukulay, at paggamit ng mga puppet):* Basahin sa mga bata ang sumusunod na mga salaysay kung paano pinili ng mga disipulo ni Jesus ang tama: Lucas 10:38–42 (Maria); Mateo 4:18–20 (Pedro at Andres); Mga Gawa 9:1–9, 17–20 (Pablo). Talakayin ang ilan sa mga pagpapalang tinanggap ng mga taong ito sa pagpili ng tama. Magdrowing ng ilang

*Ang mga simpleng puppet ay magagamit upang isadula ang mga bahagi ng isang aralin. Mahalagang kasangkapan ang mga ito sa pagpapalakas ng pangunahing ideya at pag-akit sa pansin ng mga bata (tingnan sa PWHDT, 232–33).*



simpleng tau-tauhan para sa bawat bata (o gamitin ang mga drowing na tau-tauhan sa banal na kasulatan sa "Pahina ng Katuwaan," *Liahona,* Ene. 2006, K13; at "Pahina ng Katuwaan," *Liahona,* Peb. 2006, K11). Pakulayan sa mga bata ang mga drowing, ipagupit ang mga ito, at ipagawa itong mga puppet sa patpat o supot. Ipagamit sa mga bata ang kanilang mga puppet para muling isalaysay ang isa sa mga kuwento. Halimbawa: "Ang pangalan ko ay Pablo. Dati kong inuusig ang mga taong sumusunod kay Jesus. Nakita ko sa pangitain si Jesus. Inutusan ako ni Jesus na tumigil sa pang-uusig sa Kanya. Pinili kong sundin si Jesus at naging misyonero ako buong buhay ko."

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagrerepaso ng mga kuwento sa mga banal na kasulatan):* Ipagamit sa mga bata ang kanilang mga puppet upang muling isalaysay ang mga kuwento sa kanilang pamilya sa bahay. Hikayatin silang ibahagi sa mga kapamilya kung paano pinili ng mga tauhan sa mga kuwento ang tama at paano sila pinagpala. Itanong sa mga bata kung paano nila mapipili ang tama sa loob ng susunod na linggo.



Makikita ang mga stick puppet sa sharingtime.lds.org

## Linggo 3: Si Nephi ay pinagpala sa pagpili ng tama.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(paglahok sa mga pagsasadula):* Ipasadula sa mga bata ang mga pagkakataon na sinunod ni Nephi ang kanyang ama at ang Panginoon (halimbawa, tingnan sa 1 Nephi 16:18–24, 30–32; 1 Nephi 17:8, 17–18, 48–53; 1 Nephi 18:9–21). Isiping ipagamit sa kanila ang mga simpleng costume at props (para sa impormasyon tungkol sa pagsasadula, tingnan sa *PWHDT,* 219–20). Sama-samang basahin ang sinabi ni Nephi sa 1 Nephi 17:3.




**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pagkanta ng isang awitin):* Ipakita ang patpat na "pagpili at mga bunga" na ginamit noong Enero, at ipabahagi sa mga bata ang naaalala nila tungkol sa mga pagpili at mga bunga. Sabihin sa kanila na ang maraming pagpapalang tinatanggap natin ay mga bunga ng ating mabubuting pagpili. Magpaisip sa mga bata ng mga paraan na matutularan nila si Nephi at makagagawa sila ng mabubuting pagpili. Ipakanta sa mga bata ang "Ang Katapangan ni Nephi" (*AAP,* 64–65) at ipasa sa paligid ang patpat na "pagpili at mga bunga" habang kumakanta sila. Itigil ang tugtog pamaya't maya. Pagtigil ng tugtog, magpabahagi sa batang may hawak ng patpat ng isang mabuting pagpiling magagawa niya. Ipapasa sa bata ang patpat sa ibang bata, at magpabahagi sa kanya ng isang pagpapalang nagmumula sa paggawa ng mabuting pagpiling iyon. Ulitin kung may oras pa.

*Ang mga visual aid ay magpapayaman sa pagkatuto. Panatilihing simple ang mga visual. Itinutuon nito ang mga bata sa mensahe ng aralin sa halip na sa visual.*

**Pagsasabi ng doktrina:** *Sa buwang ito matututuhan ng mga bata ang iba't ibang paglalarawan ng doktrina sa mga banal na kasulatan na kapag pinili natin ang tama, tayo ay pinagpapala. Isiping ipasabi sa mga bata ang, "Kapag pinipili natin ang tama, tayo ay pinagpapala" sa simula ng bawat aralin.*

## Linggo 4: Ang mga miyembro ng Simbahan ngayon ay pinagpapala sa pagpili ng tama.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagkukuwento):* Ipakuwento sa ilang magulang o lolo o lola ng mga bata sa inyong Primary kung paano nila pinili o ng kanilang mga ninuno ang tama. Maaaring ibilang dito ang mga kuwento kung paano nila piniling sumapi sa Simbahan. Bago simulan ang bawat kuwento, sabihin sa mga bata na pakinggan ang mga paraan ng pagpili ng tama ng mga miyembro ng Simbahan at paano sila pinagpala sa paggawa nito. Pagkatapos ng bawat kuwento, ipasabi sa mga bata kung paano pinagpala ang mga miyembro sa pagpili ng tama. Isiping pagdrowingin ang mga bata ng mga larawan tungkol sa mga kuwentong narinig nila at pagkatapos ay ipabahagi ang kanilang mga larawan sa ibang mga tao sa Primary at sa bahay.

Marso

# Itinuturo sa Akin ng mga Buhay na Propeta na Piliin ang Tama

**Awitin: "Ang Tama'y Ipaglaban"**
**(*AAP*, 81)**

*"O, pakatandaan, anak ko, at matuto ng karunungan sa iyong kabataan; oo, matuto sa iyong kabataan na sumunod sa mga kautusan ng Diyos"* (Alma 37:35).

*Dagdagan ng ilang sarili ninyong ideya ang mga ideyang narito. Bawat linggo, magplano ng mga paraan para (1) tukuyin ang doktrina, (2) maipaunawa ito sa mga bata, at (3) tulungan silang maipamuhay ito.* ***Itanong sa sarili, "Ano ang gagawin ng mga bata para matuto, at paano ko sila matutulungang madama ang Espiritu?"***



## Linggo 1: Nangungusap ang Diyos sa pamamagitan ng mga buhay na propeta.

**Tukuyin ang doktrina** *(panonood ng isang pagtatanghal at pagsasaulo ng isang talata sa banal na kasulatan):* Papuntahin ang isang bata sa harapan ng klase. Sabihin sa ibang mga bata na sundin ang kanyang mga sasabihin. Magbulong ng mga simpleng tagubilin sa bata, tulad ng "Sabihin mo pumalakpak sila nang tatlong beses" o "Sabihin mo tumayo sila at magmartsa sa lugar." Bigyan ng pagkakataon ang ilang bata na maging lider. Ipaliwanag na kahit hindi kayo narinig ng lahat na magbigay ng mga tagubilin, masusunod nila ang mga tagubilin dahil alam nila kung sino ang susundin. Itanong kung sino ang dapat nating sundin upang malaman ang nais ipagawa sa atin ng Ama sa Langit. Magpakita ng larawan ng kasalukuyang Pangulo ng Simbahan. Ipasabi nang sabay-sabay sa mga bata ang, "Nangungusap ang Diyos sa pamamagitan ng mga buhay na propeta." Basahin ang Amos 3:7, at ipaliwanag ang anumang mga salitang hindi maunawaan ng mga bata. Tulungan ang mga bata na maisaulo ang banal na kasulatan (tingnan sa *PWHDT*, 226–27).

## Linggo 2: Ang Unang Panguluhan at ang Labindalawang Apostol ay mga propeta.

**Magtanong:** *Ang mga tanong ay maghihikayat ng paglahok at talakayan. Magtanong para malaman kung naunawaan ng mga bata ang doktrinang itinuturo at mahikayat silang magnilay-nilay (tingnan sa* PWHDT, *90). Halimbawa, maitatanong ninyo ang tulad ng "Paano nangungusap ang Ama sa Langit sa mga miyembro ng Simbahan?" at "Paano kayo napagpala ng pagsunod sa propeta?"*

**Tukuyin ang doktrina:** Isulat sa pisara ang, "Ang Unang Panguluhan at ang Labindalawang Apostol ay mga propeta." Sabihin sa mga bata na sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, pinamumunuan tayo ng Pangulo ng Simbahan, ng kanyang dalawang tagapayo sa Unang Panguluhan, at ng Labindalawang Apostol. Ipaliwanag na ang Unang Panguluhan at ang Labindalawang Apostol ay mga propeta.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(paglalaro ng pagtutugma):* Magtipon ng mga larawan ng anim na miyembro ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawa, at isulat ang mga pangalan nila sa magkakahiwalay na papel. Ilagay nang pataob sa pisara ang mga papel at larawan. Ipatihaya sa isang bata ang isang larawan, at ipatihaya sa isa pang bata ang isang papel na may pangalan. Kung hindi magkatugma ang larawan at pangalan, ibalik ang mga ito sa lugar at papiliin ang dalawa pang bata. Kung magkatugma ang mga papel, ibulong sa dalawang bata ang isang alituntunin ng ebanghelyo na itinuro ng pinuno sa pinakahuling pangkalahatang kumperensya (tingnan sa pinakahuling isyu ng pangkalahatang kumperensya ng *Ensign* o *Liahona*), at ipasadula sa kanila ang isang paraan na maipamumuhay nila ang alituntunin. Pahulaan sa ibang mga bata ang ginagawa nila.



## Linggo 3: Ang mga propeta at apostol ng Diyos ay nagsasalita sa atin sa pangkalahatang kumperensya.




*Iakma ang inyong mga aktibidad sa edad at kakayahan ng mga batang inyong tinuturuan. Sa aktibidad sa linggo 3, maaari ninyong gamitin ang mga larawan bukod pa sa nakasulat na mga mensahe.*

**Maghikayat ng pag-unawa at pagsasabuhay** *(paglalaro):* Isulat sa magkakahiwalay na papel ang isang pangungusap na buod ng pinakahuling mga mensahe sa kumperensya mula sa mga miyembro ng Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawa. Ilagay sa pisara ang mga ito kasama ang mga larawan ng mga pinuno. Talakayin ang bawat mensahe. Palabasin ng silid ang isang grupo ng mga bata. Alisin ang isa sa mga mensahe sa pisara. Pabalikin ang mga bata at sama-samang magpasiya kung aling mensahe ang nawawala. Papiliin ang mga bata ng isang awitin sa Primary na nauukol sa mensahe, at sabay-sabay itong kantahin. Magpamungkahi sa mga bata ng mga paraan na maipamumuhay nila ang mensahe. Ulitin sa iba pang mga mensahe.

**Tip:** *Umisip ng mga paraan para maipaalam sa mga bata at sa kanilang mga magulang ang mga sangguniang makikita sa conferencegames.lds.org.*

**Pag-uulit:** *Natututo ang mga bata sa pamamagitan ng pag-uulit. Sa mga linggo 2 at 3 ituturo ninyo sa mga bata ang iisang doktrina sa iba't ibang paraan. Ito ay isang pagkakataon upang mapatibay ang kanilang pagkaunawa sa doktrina.*

## Linggo 4: Pinagpapala ako kapag pinipili kong sundin ang propeta.

**Tukuyin ang doktrina** *(pagkanta ng isang awitin):* Kantahin ang ikasiyam na talata at ang koro ng "Propeta'y Sundin" (*AAP,* 58–59). Sabihin sa mga bata na  pakinggan ang mga dahilan kaya natin sinusunod ang propeta. Ipasabi sa mga bata nang sabay-sabay, "Pinagpapala ako kapag pinipili kong sundin ang propeta."

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagsasadula ng mga kuwento sa banal na kasulatan):* Ikuwento sa mga bata ang tungkol kay Elijah at ang balo ng Sarepta (tingnan sa I Mga Hari 17:8–16), at isadula ninyo ito ng mga bata. Halimbawa: "Sinabi ng Panginoon sa propetang si Elijah na magpunta sa lungsod na tinatawag na Sarepta *(lumakad sa lugar)*. Pagdating niya sa lungsod, nakita niya ang isang babaeng namumulot ng mga patpat *(magkunwaring namumulot ng mga patpat)*. Humingi ng inumin si Elijah sa babae *(magkunwaring binibigyan ng inumin ang isang tao)* at isang tinapay. Sinabi ng babae kay Elijah na kakaunti lang ang harina at langis nito para gumawa ng tinapay para sa kanyang anak na lalaki *(umiling)*. Sinabi ni Elijah dito na gumawa muna ng ilang tinapay para sa kanya at bibigyan siya ng Diyos ng mas maraming harina at langis. Sinunod ng babae si Elijah *(magkunwaring nagmamasa ng tinapay)*. May sapat siyang harina at langis para gumawa ng tinapay sa loob ng maraming araw *(magkunwaring kumakain)*." Ulitin ang aktibidad sa mga kuwento tungkol kay Moises at sa ahas na tanso (tingnan sa Mga Bilang 21:5–9) at tungkol kay Nephi at sa mga laminang tanso (tingnan sa 1 Nephi 3–4; 5:21–22). Ipabahagi sa mga bata kung paano pinagpala ang mga tao sa mga kuwento dahil sinunod nila ang payo ng propeta.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pagtalakay sa mga turo ng propeta):* Itanong sa mga bata, "Sino ang propeta natin ngayon?" Magpakita ng larawan ng kasalukuyang Pangulo ng Simbahan. Ipaliwanag na siya ay tinawag ng Diyos. Ipatalakay sa mga bata sa maliliit na grupo kung paano nila siya masusunod. Ipabahagi sa ilang bata mula sa bawat grupo ang kanilang mga ideya. Papiliin ang mga bata ng isang paraan na masusunod nila ang propeta sa buong linggo. Lumikha ng isang paalala na maiuuwi at maibabahagi nila sa kanilang pamilya. Ipaalala sa mga bata na maririnig nila ang mga salita ng propeta sa pangkalahatang kumperensya, at hikayatin silang manood o makinig sa kumperensya kasama ang kanilang pamilya. Sa linggong kasunod ng pangkalahatang kumperensya, ipabahagi sa ilan sa mga bata ang mga karanasan nila nang makinig sila sa propeta at sundin nila ang kanyang mga turo.






*Mas maraming batang nakalalahok kapag hinati-hati sila sa mga grupo. Makapagbubuo kayo ng mga grupo sa maraming paraan. Halimbawa, masasabi ninyo sa mga bata na magtulungan bilang mga grupo ng klase, o maipapares ninyo ang mga batang nakatatanda sa mga batang nakababata. Dapat pamahalaan ng isang nasa hustong gulang ang bawat grupo.*

Abril

# Itinuturo sa Akin ni Jesucristo na Piliin ang Tama

**Awitin: Awiting inyong pinili tungkol kay Jesucristo mula sa *Aklat ng mga Awit Pambata***



**Iakma ang mga aktibidad** *sa edad at dami ng mga bata sa inyong Primary. Halimbawa, sa aktibidad sa linggo 1, kung maraming bata sa inyong Primary, maaari kayong maghanda ng mahigit sa isang set ng mga bahagi ng puzzle. Para sa mga batang nakababata, maaaring basahin ng guro ang banal na kasulatan at tulungang magdrowing ng mga larawan ang mga bata.*

*"Sapagka't kayo'y binigyan ko ng halimbawa, upang gawin naman ninyo ayon sa ginawa ko sa inyo" (Juan 13:15).*

*Dagdagan ng ilang sarili ninyong ideya ang mga ideyang narito. Bawat linggo, magplano ng mga paraan para (1) tukuyin ang doktrina, (2) maipaunawa ito sa mga bata, at (3) tulungan silang maipamuhay ito.* ***Itanong sa sarili, "Ano ang gagawin ng mga bata para matuto, at paano ko sila matutulungang madama ang Espiritu?"***

## Linggo 1: Si Jesucristo ang perpektong halimbawa para sa akin.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagbabasa ng mga banal na kasulatan at pagdodrowing ng mga larawan):* Sa isang malaking papel isulat ang pariralang, "Si Jesucristo ang perpektong halimbawa para sa akin." Gupitin ang papel sa apat na simpleng bahagi ng puzzle. Isulat ang isa sa sumusunod na mga pangungusap sa likod ng bawat bahagi ng puzzle:

- Ipinakita Niya sa atin kung paano mabinyagan (tingnan sa Mateo 3:13–17).
- Nagpakita Siya ng pagmamahal sa kapwa (tingnan sa Marcos 10:13–16).
- Pinatawad Niya ang mga nanakit sa Kanya (tingnan sa Lucas 23:34).
- Ipinakita Niya sa atin kung paano manalangin (tingnan sa Mateo 6:5–13).

Kantahin ang "Sinisikap Kong Tularan si Jesus" (*AAP,* 40–41). Ipapaliwanag sa mga bata ang itinuturo ng awitin. Magpakita ng isang larawan ni Cristo, at sabihin sa mga bata na tinuruan Niya tayo ng maraming bagay sa pamamagitan ng Kanyang perpektong



*Kapag nagtuturo ng mga alituntunin ng ebanghelyo, tulungan ang mga bata na makakita ng mga paraan na maipamuhay ang mga ito.*

halimbawa. Hatiin ang mga bata sa apat na grupo, at bigyan ang bawat grupo ng isang bahagi ng puzzle at ilang papel na walang sulat. Ipabasa sa kanila nang sabay-sabay ang banal na kasulatan at pagkatapos ay pagdrowingin sila ng mga larawan kung paano nila masusundan ang halimbawa ni Cristo. Ipapaliwanag sa bawat grupo ang kanilang banal na kasulatan at mga larawan at ipalagay sa pisara ang kanilang bahagi ng puzzle. Kapag nabuo na ang puzzle, ulitin nang sabay-sabay, "Si Jesucristo ang perpektong halimbawa para sa akin."

## Mga linggo 2 at 3: Itinuro sa akin ni Jesucristo ang tamang paraan ng pamumuhay.

**Tukuyin ang doktrina** *(pagkanta ng isang awitin):* Kantahin ang "Piliin ang Tamang Landas" (*AAP,* 82–83), at sabihin sa kalahati ng mga bata na pakinggan kung paano tayo liligaya at sa kalahati pa na pakinggan kung ano ang tutulong at gagabay sa atin sa landas. Talakayin kung ano ang natutuhan ng mga bata sa awitin.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(paglalaro ng hulaan at pagbabasa ng mga banal na kasulatan):* Maghanda ng mga wordstrip na naglalaman ng sumusunod na mga salita at reperensya sa banal na kasulatan: *nangagugutom* (Mateo 5:6); *lumiwanag* (Mateo 5:16); *ibigin* (Mateo 5:44); at *manalangin* (Mateo 6:6). Magpakita ng larawan ng Sermon






Makikita ang mga wordstrip sa sharingtime.lds.org

sa Bundok. Ipaliwanag na si Jesus ay umakyat sa isang bundok upang turuan ang Kanyang mga disipulo; ang mga bagay na itinuro Niya ay tinatawag ngayong Sermon sa Bundok. Ipakita ang isa sa mga wordstrip sa kalahati ng mga bata, at ipaakto sa kanila ang salita para hulaan ng ibang mga bata. Basahin nang sabay-sabay ang nauukol na banal na kasulatan, at ipaunawa sa mga bata ang itinuro ni Cristo at kung paano natin masusundan ang Kanyang halimbawa. Ulitin sa iba pang mga salita at banal na kasulatan.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pagtalakay sa mga pinag-aaralang sitwasyon):* Sa apat na papel isulat ang sumusunod na mga turo ni Jesus: (1) Nangagugutom at nangauuhaw sa katuwiran, (2) Lumiwanag na gayon ang inyong ilaw, (3) Ibigin ang inyong mga kaaway, (4) Manalangin sa Ama sa Langit. (Isiping gamitin ang mga larawang nagpapaliwanag sa mga turong ito para sa mga batang nakababata.) Idispley ang mga papel sa iba't ibang lugar ng silid. Maghanda ng mga pinag-aaralang sitwasyon (tingnan sa *PWHDT,* 214–15) na nagpapaunawa sa mga bata kung paano isabuhay ang mga turong ito. Halimbawa, "May isang bata sa paaralan na nanunukso sa inyo at kung anu-ano ang itinatawag sa inyo. Ano ang gagawin ninyo?" Repasuhin ang mga banal na kasulatan mula sa larong hulaan n a ipinaliwanag sa itaas, at ituro na ang mga papel na nakadispley sa paligid ng silid ay nauukol sa mga banal na kasulatang iyon. Basahin ang isang pinag-aaralang sitwasyon sa mga bata, at patayuin sila at paharapin sa papel na may turong makatutulong sa kanila na piliin ang tama. Ipabahagi sa ilang bata kung ano ang pipiliin nilang gawin.



*Pabasahin nang malakas ang mga bata mula sa mga banal na kasulatan. Alamin ang kakayahan ng bawat bata, at tulungan ang bawat isa na tagumpay na makalahok.*

## Linggo 4: Nadarama ko ang pagmamahal ng aking Tagapagligtas kapag sinisikap kong tularan si Jesucristo.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagkanta ng isang awitin at pagpili):* Kantahin ang "Aking Nadarama ang Pag-ibig ni Cristo" (*AAP,* 42–43). Isulat ang ilang pinag-aaralang sitwasyon na naglalarawan kung paano masusunod ng isang bata ang isa sa mga turo ni Cristo. Magsama rin ng isang reperensya sa banal na kasulatan kung saan matatagpuan ang turong iyon. Nasa ibaba ang ilang halimbawa.

Sinabihan na ni Sara ang nakababata niyang kapatid na huwag gamitin ang kanyang mga krayola, ngunit ginamit pa rin nito ang mga iyon. Para matularan si Jesus, si Sara ay maaaring:

a. Magalit sa kanyang kapatid.
b. Itago ang kanyang mga krayola.
c. Patawarin ang kanyang kapatid.

Mateo 18:21–22.

Si John ay nakikipaglaro ng soccer sa kanyang mga kaibigan, at napansin niya ang isa pang bata na nakatayong mag-isa at nanonood sa laro. Para matularan si Jesus, si John ay maaaring:

a. Pagtawanan ang bata dahil nag-iisa ito.
b. Huwag pansinin ang bata at patuloy na makipaglaro sa kanyang mga kaibigan.
c. Yayain ang bata na makipaglaro ng soccer sa kanila.

Juan 13:34.

Ipabasa sa isang bata ang isa sa mga pinag-aaralang sitwasyon. Pagkatapos ay ipabasa sa kanya nang paisa-isa ang mga sagot. Patayuin ang iba pang mga bata kapag narinig nila ang sagot na sumusunod sa halimbawa ni Jesus. Ipabasa nang malakas sa ilang bata ang banal na kasulatan, at talakayin ang itinuro ni Jesus. Talakayin kung paano maipadarama sa atin ng pagsunod sa halimbawa ni Jesus sa mga sitwasyong ito ang pag-ibig ng Tagapagligtas. Ulitin sa bawat pinag-aaralang sitwasyon.

**Maghikayat ng pagsasabuhay:** Ipagawa sa mga bata ang nais ipagawa sa kanila ni Jesus sa buong linggong ito. Sabihin sa kanila na sa susunod na linggo ay ipapabahagi ninyo sa ilan sa kanila ang kanilang ginawa at kung paano nila nadama ang pag-ibig ng Tagapagligtas.

## Mga tulong para sa music leader

Para matulungan ang mga bata na matutuhan ang isang bagong awitin, isipin ang sumusunod:

- Pahudyatin ang mga bata kapag kinanta nila ang isang partikular na salita o bilangin sa kanilang mga daliri kung ilang beses nila kinanta ang isang salita. Halimbawa, kantahin ang "Isinugo, Kanyang Anak" (*AAP,* 20–21), at ipabilang sa kanilang mga daliri kung ilang beses nila kinanta ang mga salitang "Kanyang Anak."
- Pumili ng isang larawan at isang salitang kumakatawan sa bawat parirala sa isang awitin, at ilagay ang mga ito sa isang papel. Halimbawa, kapag kinanta ninyo ang "Isinugo, Kanyang Anak" (*AAP,* 20–21), ilarawan ang pariralang "Paano mailalahad ng Diyos ang pag-ibig?" na may larawan ng isang puso at ng salitang *pag-ibig.* Para sa pariralang "Sinugo ang kanyang Anak, banal at payapa," ipakita ang isang larawan ng pagsilang ni Jesus at ang salitang *payapa.* Mailalahok ninyo ang mga bata sa pamamagitan ng pagpapahawak sa kanila ng mga larawan habang sila ay kumakanta.



**Mayo**

**Awitin: "Sa Aking Pagkabinyag"** (*AAP*, 53)

# Pinipili Ko ang Tama Kapag Ako ay Nagpabinyag at Nagpakumpirmang Miyembro ng Simbahan

*"Mangagsisi kayo, at mangagbautismo ang bawa't isa sa inyo sa pangalan ni Jesucristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan; at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo" (Mga Gawa 2:38).*

*Dagdagan ng ilang sarili ninyong ideya ang mga ideyang narito. Bawat linggo, magplano ng mga paraan para (1) tukuyin ang doktrina, (2) maipaunawa ito sa mga bata, at (3) tulungan silang maipamuhay ito.* ***Itanong sa sarili, "Ano ang gagawin ng mga bata para matuto, at paano ko sila matutulungang madama ang Espiritu?"***

**Tip:** *Para sa aktibidad sa linggo 1, maaari din ninyong ipapasan sa isang bata ang isang bag na puno ng mga bato at saka ipakita kung paano naging katulad ng pag-aalis ng mga bato sa bag ang pagsisisi.*

## Linggo 1: Kapag ako ay nagsisi, mapapatawad ako.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(paglahok sa isang pakay-aralin):* Bigyan ng isang maliit na bato ang bawat bata. Ipalagay sa mga bata ang bato sa kanilang sapatos, at patayuin sila at palakarin. Itanong sa mga bata kung ano ang pakiramdam ng lumakad na may bato sa kanilang sapatos. Itanong kung paano naging katulad ng bato ang kasalanan. (Hindi maganda sa pakiramdam; pinalulungkot tayo nito.) Ipaalis sa kanila ang bato, at itanong kung paano naging katulad ng pag-aalis ng bato sa ating sapatos ang pagsisisi at pagtanggap ng kapatawaran ng Ama sa Langit. Ipaliwanag na dahil kay Jesucristo, tayo ay maaaring magsisi at mapatawad sa ating mga kasalanan. Magpatotoo na ang pagsisisi ay magandang pagpapala mula sa Ama sa Langit at nagpapaligaya sa atin.









## Linggo 2: Kapag ako ay nagpabinyag at nagpakumpirma, sinusunod ko ang halimbawa ni Jesus.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(paglalaro ng pag-alaala at pagbabasa ng mga banal na kasulatan):* Idispley ang mga larawan ni Juan Bautista na binibinyagan si Jesus at ng isang batang binibinyagan. Patingnan sa mga bata ang mga larawan sa loob ng 20 segundo. Pagkatapos ay takpan ang mga larawan at ipabanggit sa mga bata ang maraming bagay na nakita nilang magkatulad sa dalawang larawan hangga't kaya nila. Maaari ninyong ilista ang kanilang mga sagot sa pisara.

Ipabasa sa mga bata ang Doktrina at mga Tipan 20:72–74 para tuklasin kung sino ang maaaring magbinyag sa isang tao at paano dapat isagawa ang pagbibinyag. Ipabahagi sa mga bata ang natuklasan nila. Bigyang-diin na ang taong nagsasagawa ng binyag ay kailangang may awtoridad ng priesthood at ang taong binibinyagan ay dapat ilubog, o lubos na ilubog sa tubig. Muling ipakita ang dalawang larawan. Ituro na kapwa si Jesus at ang bata ay binibinyagan sa pamamagitan ng paglulubog, ng isang taong may awtoridad ng priesthood.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pagkukulay at pagkanta ng isang awitin):* Gumawa ng kopya ng pahina 111 sa manwal ng nursery na, *Masdan ang Inyong mga Musmos,* para kulayan ng bawat bata. Kantahin ang "Pagbibinyag" (*AAP,* 54–55), at hikayatin ang mga bata na magpabinyag tulad ni Jesus. Ipakuwento sa isang batang nabinyagan kamakailan ang kanyang binyag sa ibang mga bata.




Makikita ang manwal sa Nursery sa sharingtime.lds.org

## Linggo 3: Matutulungan ako ng Espiritu Santo.

**Tukuyin ang doktrina** *(pagkakita sa isang pakay-aralin):* Patayuin ang isang bata sa may pintuan. Piringan ang bata, at pasubukan sa kanya na hanapin ang kanyang silya at umupo nang walang tulong. Ulitin ang aktibidad, ngunit sa pagkakataong ito ay pagabayan sa isa pang bata ang batang nakapiring sa pamamagitan ng paghawak sa kanyang braso at paggabay sa kanya sa daan. Talakayin sa mga bata kung bakit mas madaling mahanap ng bata ang silya sa pangalawang pagkakataon. Ipaliwanag na matutulungan tayo ng Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagbibigay sa atin ng patnubay sa buhay. Ipasabi sa mga bata ang, "Matutulungan ako ng Espiritu Santo."



*Ang paggamit ng mga bata sa mga pagtatanghal na visual ay aakit sa kanilang pansin at maghihikayat ng pagkatuto.*

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagkanta ng isang awitin at paglalaro ng pagtutugma):* Isulat sa pisara ang salitang *tulong*. Kantahin ang "Ang Espiritu Santo" (*AAP*, 56), at ipabilang sa mga bata ang mga bagay na binanggit sa awitin na ginagawa ng Espiritu Santo para tulungan tayo.

Bago mag-Primary, maghanda ng 10 papel na may nakadrowing na kalasag na PAT sa harapan. Sa likod ng bawat papel, isulat ang isa sa sumusunod na 5 pariralang nagpapaliwanag kung paano tayo tinutulungan ng Espiritu Santo: *ang Espiritu Santo ay inaaliw tayo, ang Espiritu Santo ay nagpapatotoo kay Jesucristo, ang Espiritu Santo ay nagtuturo sa atin, ang Espiritu Santo ay nagsasabi sa atin kung ano ang gagawin at hindi gagawin,* at *ang Espiritu Santo ay tumutulong sa atin na gumawa ng mabuti* (bawat parirala ay nasa dalawang magkaibang papel). Ilagay ang mga papel sa pisara nang hindi sunud-sunod na nakaharap ang mga kalasag na PAT sa mga bata. Ipatihaya sa isang bata ang isa sa mga papel. Basahin nang sabay-sabay ang mga salitang nasa likod. Pumili ng isa pang batang magtitihaya ng isa pang papel at susubukang magtugma. Basahin nang sabay-sabay ang mga salitang nasa likod. Kung magkatugma ang mga papel, alisin ang mga ito sa pisara. Kung hindi sila magkatugma, muling itaob ang mga ito. Ulitin hanggang mapagtugma-tugma ang lahat.

Makikita ang logo ng PAT sa sharingtime.lds.org

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pagtalakay sa mga banal na kasulatan):* Hatiin ang mga bata sa mga grupo. Bigyan ang bawat grupo ng isa sa sumusunod na mga reperensya sa banal na kasulatan: Juan 14:26; Juan 15:26; 2 Nephi 32:5; D at T 11:12. Ipabasa sa bawat grupo ang kanilang talata at ipatalakay ang kahulugan nito. Ipabahagi sa mga bata at kanilang mga guro ang mga halimbawa kung paano nila nadama ang impluwensya ng Espiritu Santo.

## Linggo 4: Kapag tumatanggap ako ng sakramento pinaninibago ko ang aking mga tipan sa binyag.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagtalakay ng mga tipan at pagbabasa ng mga banal na kasulatan):* Ipaliwanag na ang tipan ay isang sagradong pangako sa pagitan natin at ng Ama sa Langit; nangangako tayong gawin ang ilang bagay, at kapag ginawa natin, nangangako Siyang pagpalain tayo. Ipaalala sa mga bata na nakikipagtipan tayo sa Ama sa Langit kapag nabinyagan tayo, at ipaliwanag na pinaninibago natin ang tipang iyan kapag tumatanggap tayo ng sakramento. Gumawa ng mga wordstrip na may mga parirala mula sa mga panalangin sa sakramento na nagpapaliwanag kung ano ang ipinapangako natin kapag tumatanggap tayo ng sakramento at kung ano ang ipinapangako sa atin ng Ama sa Langit (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 20:77, 79). Bigyan ng mga wordstrip ang ilang bata, at patayuin sila nang sunud-sunod habang binabasa ninyo nang malakas ang mga banal na kasulatan.

**Paghahanda:** *Hingin ang patnubay ng Espiritu sa paghahanda ninyo ng mga aralin at pag-aakma ng mga ideya sa edad, kakayahan, at sitwasyon ng mga bata sa inyong klase. Halimbawa, ang ilang ideya sa aralin ay ilang minuto lang ninyo ituturo. Nanaisin ninyong dagdagan ng sarili ninyong mga ideya ang mga aralin.*



**Isali ang lahat ng bata:** *Maisasali ninyo ang mga batang nakababata sa pamamagitan ng pagpapares sa kanila sa mga batang nakatatanda. Halimbawa, sa aktibidad sa linggo 4, maaaring hawakan ng mga batang nakababata ang mga wordstrip samantalang itatayo naman sila ng mga batang nakatatanda sa tamang pagkakasunud-sunod.*

*Makikita ang mga wordstrip sa sharingtime.lds.org*

**Hunyo**

**Awitin: "Ang Katapangan ni Nephi"** (*AAP*, 64–65)

# Pinipili Ko ang Tama sa Pamamagitan ng Pamumuhay ayon sa mga Alituntunin ng Ebanghelyo

*"Hahayo ako at gagawin ang mga bagay na ipinag-uutos ng Panginoon, sapagkat nalalaman ko na ang Panginoon ay hindi magbibigay ng mga kautusan sa mga anak ng tao, maliban sa siya ay maghahanda ng paraan para sa kanila upang kanilang maisagawa ang bagay na kanyang ipinag-uutos sa kanila"* (1 Nephi 3:7).

*Dagdagan ng ilang sarili ninyong ideya ang mga ideyang narito. Bawat linggo, magplano ng mga paraan para (1) tukuyin ang doktrina, (2) maipaunawa ito sa mga bata, at (3) tulungan silang maipamuhay ito.* ***Itanong sa sarili, "Ano ang gagawin ng mga bata para matuto, at paano ko sila matutulungang madama ang Espiritu?"***

**Anyayahan ang Espiritu:** *Habang nagtuturo kayo nang may Espiritu, patototohanan ng Espiritu Santo ang katotohanan ng mga alituntunin ng ebanghelyo na inyong itinuturo (tingnan sa* PWHDT, *55–56).*

## Linggo 1: Nananalangin ako sa Ama sa Langit para sa lakas na gawin ang tama.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagtalakay sa panalangin):* Magpakita sa mga bata ng isang telepono o isa pang gamit sa komunikasyon. Talakayin kung paano ito ginagamit. Itanong sa mga bata kung paano natin makakaugnayan ang Ama sa Langit. Ipaliwanag na tulad ng pagpindot natin sa numero ng telepono para makausap ang isang tao, maaari tayong manalangin upang makipag-ugnayan sa Ama sa Langit; mahihilingan natin Siya ng lakas na gawin ang tama. Bigyan ang bawat klase ng isang larawan ng ibang uri ng panalangin (halimbawa, personal na panalangin, panalangin ng pamilya, pagbabasbas sa pagkain, o panalangin sa klase). Sabihin sa bawat klase na ipakita ang kanilang larawan sa iba pang mga bata at ipasabi sa kanila kung anong klaseng panalangin ang ipinakita at kailan, saan, at bakit iniaalay ang ganitong klase ng panalangin.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(paglalaro):* Butasan nang maliit ang dulo ng dalawang latang aluminyo na walang laman, at pagdugtungin ng pisi ang mga lata. Hatakin nang husto ang pisi, at tahimik na pagsalit-salitin ang mga bata sa pagsasalita sa isang lata ng isang bagay na maipagdarasal nila sa Ama sa Langit sa pagsisikap nilang gawin ang tama (halimbawa, magsabi ng totoo, maging mapitagan, o maging mabait). Sabihin sa isa pang bata na makinig sa kabilang lata. Magbahagi (o magpabahagi sa isang bata) ng isang karanasan na nabigyan kayo ng Ama sa Langit ng lakas na gawin ang tama. Magpatotoo na pinakikinggan at sinasagot ng Ama sa Langit ang ating mga dalangin at bibigyan tayo ng lakas na gawin ang tama.



## Linggo 2: Kapag nagbayad ako ng ikapu, pagpapalain ako ng Ama sa Langit.



**Tukuyin ang doktrina at maghikayat ng pag-unawa** *(panonood ng isang pagtatanghal):* Ipaliwanag na ang ikapu ay pagbibigay sa Panginoon ng ikasampung bahagi ng perang kinita ninyo sa pamamagitan ng Kanyang Simbahan. Magpakita ng 10 barya sa mga bata. Tanungin sila kung ilan sa mga barya ang dapat ibigay sa ikapu. Magpakita ng isang sobre ng ikapu at donation slip, at ipaliwanag na nagbabayad tayo ng ikapu sa pamamagitan ng pagsulat sa donation slip, paglalagay nito sa sobre kasama ang ating ikapu, at pagbibigay nito sa bishop o sa isa sa kanyang mga tagapayo.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(paglalaro at pakikinig sa mga patotoo):* Magdispley ng mga larawan at bagay na kumakatawan sa mga pagpapalang nagmumula sa pagbabayad ng ikapu, tulad ng mga templo, meetinghouse, himnaryo, *Aklat ng mga Awit Pambata,* manwal sa Primary, at mga


banal na kasulatan. Sabihin sa mga bata na dahil sa pondo ng ikapu mailalaan ng Simbahan ang mga bagay na ito. Takpan ang mga larawan at bagay. Alisin ang isa o dalawa rito. Alisin ang takip at pahulaan sa mga bata ang nawawala. Ulitin nang ilang beses. Ipaliwanag na may iba pang mga pagpapalang nagmumula sa pagbabayad ng ikapu na hindi nakikita (tingnan sa 3 Nephi 24:10). Magpakuwento sa isa o dalawang nasa hustong gulang tungkol sa mga pagpapalang natanggap nila mula sa pagbabayad ng ikapu.



**Mga visual:** *Mas matututo at makatatanda ang mga bata kapag naglahad kayo ng mga ideya gamit ang mga larawan at iba pang mga visual (tingnan sa* PWHDT, *232, 239–40).*

## Linggo 3: Sinusunod ko ang Word of Wisdom sa pamamagitan ng pagkain at pag-inom ng anumang nakabubuti at pag-iwas sa anumang nakasasama.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagbabasa ng mga banal na kasulatan at paglalaro):* Sama-samang basahin ang I Mga Taga Corinto 3:16–17. Ipabahagi sa mga bata ang kahulugan ng talatang ito sa kanila. Ipaliwanag na nais ng ating Ama sa Langit na pangalagaan natin ang ating katawan. Maglagay ng mga larawan ng iba't ibang pagkain, inumin, at iba pang bagay na mabuti o masama sa katawan (tulad ng mga prutas, gulay, tinapay, alak, at tabako) sa isang lalagyan. Gumawa ng kopya ng pahina 43 sa manwal sa nursery, at gupit-gupitin ito para sa puzzle. Pagsalit-salitin ang mga bata sa pagkuha ng mga larawan mula sa lalagyan. Kung ang nasa larawan ay mabuti para sa atin, ipalagay sa bata ang isang bahagi ng puzzle sa pisara. Kung masama iyon, alisin ang isang bahagi ng puzzle. Patuloy na maglaro hanggang mabuo ang puzzle (kakailanganin ninyo ng mas maraming mabubuting bagay sa lalagyan kaysa masasama). Ipabahagi sa isang nasa hustong gulang o isang bata ang ilan sa mga pagpapalang natanggap niya sa pagsunod sa Word of Wisdom (tingnan sa D at T 89:18–21).





Makikita ang manwal sa Nursery sa sharingtime.lds.org

## Linggo 4: Kapag nanamit ako nang disente, iginagalang ko ang aking katawan bilang kaloob ng Diyos.

**Tukuyin ang doktrina** *(pagtingin sa larawan at pagbabasa ng mga banal na kasulatan):* Isulat sa pisara ang sumusunod: "Ang aking ____ ay isang ____." Ipakita ang larawan ng isang templo. Itanong, "Bakit napakaespesyal ng mga templo?" Ipabuklat sa mga bata ang I Mga Taga Corinto 6:19. Ipahanap sa kanila ang sinasabi roon tungkol sa kanilang katawan habang binabasa nila nang malakas ang talata kasama kayo. Itanong sa mga bata kung anong mga salita ang bubuo sa pangungusap sa pisara (*katawan, templo*). Patayuin ang mga bata at ipabasa sa kanila nang sabaysabay ang pangungusap.

**Maghikayat ng pag-unawa at pagsasabuhay** *(pagkanta ng isang awitin at pagtalakay):* Sabihin sa mga bata na ang ating katawan ay mga templong maaaring panahanan ng Banal na Espiritu. Kantahin ang unang talata ng "Ang Diyos sa Akin ay Nagbigay ng Templo" (*AAP*, 73). Ipabahagi sa mga bata kung paano nais ng Ama sa Langit na manamit tayo at bakit. Ipaliwanag na laging pinapayuhan ng mga propeta ng Diyos ang Kanyang mga anak na manamit nang disente. Sabihin sa mga bata na pakinggan kung anong mga bahagi ng kanilang katawan ang dapat takpan habang binabasa ninyo ang bahaging "Pananamit at Kaanyuan" sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan.* Magpaisip sa mga bata ng isang paraan na makapananamit sila nang disente. Itsahan ng isang malambot na bagay ang isang bata at ipabahagi sa batang iyon ang kanyang ideya. Ipaitsa ang initsa ninyo sa batang iyon sa isa pang bata, na magbabahagi ng kanyang ideya. Ipagpatuloy sa iba pang mga bata.



**Hulyo**

**Awitin: "Ang Matalino at ang Hangal"** (*AAP*, 132) o isang awiting pinili ninyo mula sa *Aklat ng mga Awit Pambata*

# Pinipili Ko ang Tama sa Pamamagitan ng Pamumuhay ayon sa mga Alituntunin ng Ebanghelyo

*"Samakatwid, tayo ay magpakatapat sa pagsunod sa mga kautusan ng Panginoon" (1 Nephi 3:16).*

*Dagdagan ng ilang sarili ninyong ideya ang mga ideyang narito. Bawat linggo, magplano ng mga paraan para (1) tukuyin ang doktrina, (2) maipaunawa ito sa mga bata, at (3) tulungan silang maipamuhay ito.* ***Itanong sa sarili, "Ano ang gagawin ng mga bata para matuto, at paano ko sila matutulungang madama ang Espiritu?"***




Makikita ang mga wordstrip sa sharingtime.lds.org

## Linggo 1: Ang pag-aayuno at panalangin ay magpapalakas ng aking patotoo.

**Tukuyin ang doktrina** *(pagkakita sa isang pakay-aralin):* Maghanda ng dalawang wordstrip: *Pag-aayuno* at *Panalangin*. Patayuin ang dalawang bata nang malapit sa isa't isa, at bigyan ang bawat bata ng isa sa mga wordstrip. Palakarin ang isa pang bata sa pagitan nila. Pagkapitin nang mahigpit ang mga bisig ng dalawang bata, at pasubukan sa isa pang bata na lumakad na muli sa pagitan nila. Ituro kung gaano kalakas ang mga bata kapag magkakapit-bisig sila. Ipaliwanag na ang pag-aayuno at panalangin ay mas mabisa kapag sabay nating ginawa ang mga ito. Isulat sa pisara ang "Ang pag-aayuno at panalangin ay magpapalakas ng aking patotoo," at ipaulit ito nang sabay-sabay sa mga bata.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pakikinig sa mga banal na kasulatan at paglahok sa isang pakay-aralin):* Sabihin sa mga bata na pakinggan ang mga bagay na ginawa ng mga anak ni Mosias para maging matatag sa ebanghelyo habang binabasa ninyo ang Alma 17:2–3. Sabihin sa mga bata na palakihin ang kanilang mga kalamnan tuwing may maririnig sila na nakatulong sa mga anak ni Mosias na maging matatag.

Simulan ang isang talakayan tungkol sa pag-aayuno sa pamamagitan ng pagtatanong ng ilang bagay tulad ng "Ano ang pag-aayuno?" "Bakit tayo dapat mag-ayuno?" "Kailan tayo dapat mag-ayuno?" at "Bakit tayo dapat manalangin kapag nag-aayuno tayo?" (tingnan sa Joseph B. Wirthlin, "Ang Batas ng Ayuno," *Liahona*, Mayo 2001, 73–75). Pahawakin ang bawat batang nagdaragdag ng ideya sa talakayan sa isang dulo ng sinulid o pisi. Hawakan ninyo ang kabilang dulo ng bawat pisi. Sa pagtatapos ng talakayan, papuntahin ang mga batang nakahawak sa mga pisi sa gitna ng silid at ipapilipit sa kanila ang lahat ng kanilang pisi para makagawa ng isang matibay na tali. Ipaliwanag na bawat pising idinaragdag natin sa tali ay mas nagpapatibay sa tali. Ipaunawa sa mga bata na sa gayon ding paraan, tuwing nag-aayuno at nananalangin tayo nagdaragdag tayo ng lakas sa ating patotoo.



*Ang isang pagtatanghal na visual ay nagpapaunawa sa mga bata ng mahihirap na konsepto.*

**Tip:** *Sa pagtuturo ninyo tungkol sa pag-aayuno, tandaan na hindi kailangang mag-ayuno ang mga batang nakababata.*

## Linggo 2: Ang pagiging mabait ay paggawa at pagsasabi ng mabubuting bagay sa kapwa.

**Tukuyin ang doktrina** *(pagbigkas ng isang talata sa banal na kasulatan):* Isulat sa pisara ang "[Maging mabait] kayo sa isa't isa" (Mga Taga Efeso 4:32) na may nakasulat na numero mula 1 hanggang 6 sa ilalim ng bawat salita. Iatas sa bawat bata ang isang numero mula 1 hanggang 6. Magsimula sa pagpapatayo sa lahat ng numero 1 at ipabigkas sa kanila ang "Maging" at saka sila paupuin kaagad. Pagkatapos ay patayuin ang mga numero 2 at ipabigkas sa kanila ang "mabait," at paupuin sila kaagad. Ipagpatuloy ito sa natitirang mga salita. Ulitin nang ilang beses. Pagkatapos ay ipaulit nang sabay-sabay sa lahat ng bata ang buong parirala.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pakikinig sa isang kuwento at pagkanta ng isang awitin):* Isalaysay sa mga bata ang isang kuwento ng kabaitan, tulad ng "Pagtatanggol kay Caleb" (*Liahona,* Mar. 2009, K8–K9). Ipataas ang dalawang hinlalaki nila kapag nakarinig sila ng kabaitan sa kuwento at ibaba ang dalawang hinlalaki kapag nakarinig sila ng kasamaan. Kantahin ang "Sa Akin Nagmumula ang Kabaitan" (*AAP,* 83). Patayuin ang mga bata kapag kinanta nila kung kanino tayo dapat maging mabait. Muling kantahin ang awitin, at ipaturo ang dalawang hinlalaki nila sa kanilang sarili kapag kinanta nila ang, "Ang kabaitan sa 'kin nagmumula."


**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pagbabahagi ng mga paraan upang maging mabait):* Tukuyin ang ilang tao sa buhay ng mga bata (tulad ng ama, ina, kapatid na babae, kapatid na lalaki, lolo, kaibigan, o guro) sa isang wordstrip, larawan, o simpleng prop (tulad ng kurbata para sa ama o tungkod para sa lolo). Bigyan ng mga bagay ang ilang bata, at papuntahin sila sa harapan ng silid. Magpabahagi sa bawat bata ng isang magandang bagay na masasabi o magagawa nila para sa taong kumakatawan sa bagay na hawak nila. Pagkatapos ay ipapasa sa kanila ang mga wordstrip, larawan, o props sa ibang mga bata. Ulitin kung may oras pa.



*Ang paggamit ng mga bata sa mga pagtatanghal na visual ay aakit sa mga bata at makawiwili sa iba pang mga bata.*


## Linggo 3: Ang pagpipitagan ay matinding paggalang at pagmamahal sa Diyos.

**Tukuyin ang doktrina** *(pagkanta ng isang awitin):* Maghanda ng ilang kuwintas na tali na may pusong papel na nakakabit sa bawat isa. Isulat ang isang mahalagang salita o parirala mula sa "Paggalang ay Pagmamahal" (*AAP,* 12) sa bawat puso (halimbawa, *tahimik na pag-upo, pag-iisip, pagdama,* at iba pa). Ipasuot sa ilang bata ang mga kuwintas. Kantahin ang "Paggalang ay Pagmamahal," at palakarin nang mapitagan sa harapan ng silid ang mga batang may suot na kuwintas kapag kinanta ang salitang nakasulat sa kanilang puso. Patayuin nang sunud-sunod ang mga batang may suot na kuwintas, at muling kantahin ang awitin.





Makikita ang mga puso sa sharingtime.lds.org

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pagtalakay sa pagpipitagan):* Maghanda ng mga wordstrip o magdrowing ng mga simpleng larawan ng mga mata, kamay, paa, tainga, bibig, at isipan. Hatiin ang mga bata sa mga grupo, at papiliin ang bawat grupo ng isa o dalawa sa mga wordstrip o larawan. Magpabahagi sa bawat grupo (sa salita at sa galaw) ng ilang paraan na maaaring maging mapitagan ang bahaging ito ng kanilang katawan sa pamamagitan ng pagpapakita ng paggalang at pagmamahal sa Diyos.



Makikita ang mga larawan sa sharingtime.lds.org



**Mga banal na kasulatan:** *Ang pagpapabasa sa mga bata mula sa sarili nilang mga banal na kasulatan ay nagpapatibay sa kahalagahan ng mga banal na kasulatan at nag-aanyaya sa Espiritu. Kung maaari, pamarkahan sa mga bata ang mga talata sa sarili nilang mga banal na kasulatan at basahin nang sabay-sabay ang mga ito pagkatapos.*

## Linggo 4: Ang pagiging tapat ay pagsasabi ng totoo anuman ang mga bunga nito.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagtalakay sa mga bunga):* Maghanda ng ilang pinag-aaralang sitwasyon (tingnan sa *PWHDT,* 214–15) kung saan ang mga bata ay nahaharap sa pagpili kung sila ay magtatapat o magsisinungaling. Halimbawa, "Sinuntok mo ang kapatid mo, at itinanong ng iyong ina kung bakit siya umiiyak." Itanong, "Ano ang mga ibubunga ng pagiging tapat?" Itanong, "Ano ang mga ibubunga ng pagiging sinungaling?" Tulungan ang mga bata na matuklasan na ang mga agarang bunga ng pagiging tapat ay maaaring mahirap ngunit ang mga bunga sa katagalan ay hahantong sa kapayapaan at kaligayahan.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(paglikha ng isang rima [rhyme]):* Pagawin ng isang-linyang parirala o rima ang bawat klase (sa tulong ng kanilang mga guro) tungkol sa pagiging tapat. Halimbawa, "Ang pagsasabi nang tapat, pagsasama nang maluwat!" Ipabahagi sa bawat klase ang kanilang parirala sa iba pang mga bata. Hikayatin silang ulitin ang parirala tuwing natutukso silang magsinungaling.

Agosto

# Pinipili Kong Punuin ang Buhay Ko ng mga Bagay na Nag-aanyaya sa Espiritu

**Awitin: "Sinisikap Kong Tularan si Jesus"**
**(*AAP*, 40–41)**



**Mga kuwento:** *Ang pagkukuwento ay umaakit sa pansin ng mga bata at tinutulungan silang umugnay sa doktrina. Pag-aralang mabuti ang mga kuwento upang maibahagi ninyo ang mga ito sa sarili ninyong mga salita nang may damdamin at sigla.*

**Mga istasyon:** *Kung maraming bata sa inyong Primary, isiping ang mga lider ang palipatin ng mga istasyon sa halip na ang mga bata.*

*"Kung may anumang bagay na marangal, kaaya-aya, o magandang balita, o maipagkakapuri, hinahangad namin ang mga bagay na ito" (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:13).*

*Dagdagan ng ilang sarili ninyong ideya ang mga ideyang narito. Bawat linggo, magplano ng mga paraan para (1) tukuyin ang doktrina, (2) maipaunawa ito sa mga bata, at (3) tulungan silang maipamuhay ito.* ***Itanong sa sarili, "Ano ang gagawin ng mga bata para matuto, at paano ko sila matutulungang madama ang Espiritu?"***

## Linggo 1: Ang pagkakaroon ng mabubuting kaibigan ay tutulong sa akin na piliin ang tama.

**Maghikayat ng pag-unawa at pagsasabuhay** *(pakikinig sa isang kuwento):* Ikuwento ang sumusunod: "Dalawang batang lalaki ang nakakita ng isang sirang pares ng sapatos sa daan. Sa di-kalayuan nakikita nila ang isang lalaking nagtatrabaho sa bukid. Iminungkahi ng isa sa mga bata na itago nila ang sapatos at tingnan ang reaksyon ng lalaki pagkatapos." Ipabahagi sa mga bata kung ano ang sasabihin nila sa batang ito. Pagkatapos ay ituloy ang kuwento: "Iminungkahi ng isa pang bata na sa halip na itago ang sapatos, dapat silang maglagay ng baryang pilak sa bawat isa, at iyon ang ginawa nila. Hindi naglaon at nagbalik ang lalaki. Nang makita niya ang mga barya, tuwang-tuwa siya sa pasasalamat kaya lumuhod siya at nanalangin para magpasalamat. Binanggit niya ang kanyang asawang maysakit, at ang kanyang mga anak, na walang makain, at ipinakiusap sa Panginoon na biyayaan kung sinuman ang tumulong sa kanya. Nakadama ang mga bata ng tila init sa kanilang mga puso at nagpasalamat na pinili nila ang tama" (tingnan sa Gordon B. Hinckley, sa Conference Report, Abr. 1993, 71; o *Ensign,* Mayo 1993, 54). Magpabahagi sa ilang bata ng mga panahon na natulungan sila ng mabubuting kaibigan na piliin ang tama.

## Linggo 2: Dapat kong basahin, pakinggan, at tingnan ang mga bagay na nakasisiya sa Ama sa Langit.

**Tukuyin ang doktrina** *(pagkakita sa isang pakay-aralin):* Ipakita sa mga bata ang isang mangkok na puno ng prutas at isang mangkok na puno ng lupa. Itanong sa mga bata kung alin ang masarap kainin at bakit. Ipaliwanag na nais ng Ama sa Langit na punuin natin ang ating isipan ng mga bagay na makabubuti sa atin sa halip na mga bagay na makasasama. Ipasabi sa kanila ang, "Dapat kong basahin, pakinggan, at tingnan ang mga bagay na nakasisiya sa Ama sa Langit," na gumagawa ng mga simpleng galaw sa kamay para sa *basahin, pakinggan,* at *tingnan.*



**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagtalakay sa doktrina):* Sabihin sa mga bata na kung pipiliin natin ang mga hindi nakasisiya sa Ama sa Langit maaaring mawala sa atin ang isang bagay na napakahalaga. Sabihin sa kanila na pakinggan kung ano ang mahalagang bagay na iyon habang binabasa ninyo ang unang talata sa ilalim ng "Libangan at ang Media" mula sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan* (tingnan din sa "Ang mga Pamantayan Ko sa Ebanghelyo"). Itanong sa mga bata kung narinig nila kung ano ang nawawala sa atin kung mali ang pinipili nating gawin (ang Espiritu). Hatiin ang mga bata sa tatlong grupo at pagsalit-salitin sila sa pagbisita sa tatlong istasyon: "Pagbabasa," "Pakikinig," at "Pagtingin." Sa bawat istasyon sabihin sa mga bata na basahin, pakinggan, o tingnan ang isang bagay na nakasisiya sa Ama sa Langit. Talakayin kung ano ang pakiramdam nila kapag kanilang binabasa, pinakikinggan, at tinitingnan ang mga bagay na nakasisiya sa Diyos.

## Mga linggo 3 at 4: Dapat kong gawin ang mga bagay sa araw ng Sabbath na makatutulong sa akin na manatiling malapit sa Ama sa Langit.

**Tukuyin ang doktrina** *(pagsasaulo ng isang talata sa banal na kasulatan):* Sabihin sa mga bata na bibigyan ninyo sila ng ilang clue para matuklasan ang isang mahalagang mensahe. Isulat sa pisara ang unang letra ng bawat salita sa Exodo 20:8 (*A M A A N S U I*). Ipaliwanag na ang mga letrang ito ang mga unang letra ng bawat salita sa mensahe. Ibigay ang susunod na clue sa pamamagitan ng pagpapakita ng larawan ni Moises at ng Sampung Utos. Pagkatapos ay ipahanap sa mga bata ang Exodo 20:8 at basahin ito nang sabay-sabay. Ipatuklas sa mga bata ang koneksyon sa pagitan ng mga letra sa pisara at ng talata. Tulungan ang mga bata na maisaulo ang talata sa pamamagitan ng pagtuturo sa mga letra sa pisara habang inuulit nila ang banal na kasulatan nang ilang beses.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagtalakay at pagkukulay):* Hatiin ang mga bata sa apat na grupo. Atasan ang bawat grupo ng isang talatang babasahin mula sa bahaging "Paggalang sa Araw ng Sabbath" sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan*. Ipatalakay ang talata sa kanila sa kanilang mga grupo at saka nila ibahagi sa iba pang mga bata ang natutuhan nila. Bigyan ng isang papel ang bawat bata, at pagdrowingin sila ng ilang mabubuting bagay na magagawa sa araw ng Sabbath. Ipabahagi sa ilang bata ang kanilang mga drowing sa ibang mga bata sa Primary. Hikayatin silang ibahagi sa kanilang pamilya sa tahanan ang natutuhan nila.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(paggawa ng isang aktibidad sa banal na kasulatan):* Bago mag-Primary, maghanda ng isang basket na puno ng mga papel na kumakatawan sa mana na gagamitin sa aktibidad na ito. Isulat sa pisara ang sumusunod na mga tanong:



Anong pagkain ang inilaan ng Panginoon para sa mga Israelita sa ilang?
Gaano karami ang dapat nilang kunin araw-araw?
Ano ang dapat nilang gawin sa ikaanim na araw?
Ano ang naiba sa araw ng Sabbath?

Sabihin sa mga bata na pakinggan ang mga sagot habang ikinukuwento ninyo ang pagpulot ng mana ng mga Israelita (tingnan sa Exodo 16:11–31). Patayuin sila kapag narinig nila ang sagot sa isa sa mga tanong. Ipakuwentong muli sa isang bata ang bahagi ng kuwento na sumasagot sa tanong. Pagkatapos ay ituloy ang kuwento. Kapag natapos kayo, kausapin ang mga bata kung bakit ayaw ng Panginoon na mamulot ng mana ang mga Israelita sa araw ng Sabbath. Papikitin ang mga bata at pagkunwariin silang natutulog. Mabilis na ikalat ang "mana" sa buong silid. Pagmulatin ang mga bata at papulutin ng kanilang bahagi ng mana (isa o dalawang piraso). Ipabalik sa mga bata ang mana sa basket. Habang ginagawa ito ng bawat bata, magpabahagi sa kanya ng isang angkop na paraan para mapanatiling banal ang araw ng Sabbath.

*Ang pag-aakma ng mga aktibidad sa dami ng mga bata sa Primary ay maglalahok sa mas maraming bata. Sa aktibidad na ito, kung maraming bata sa inyong Primary, isiping maghanda ng ilang basket at tulutan ang mga bata na ibahagi ito sa mas maliliit na grupo.*

## Mga tulong para sa music leader

Para matulungan ang mga bata na matutuhan ang "Sinisikap Kong Tularan si Jesus" (*AAP*, 40–41), isaalang-alang ang sumusunod:

- Kantahin ang awitin sa mga bata. Ipabilang sa kanilang daliri kung ilang beses ninyo kinanta ang salitang *sinisikap*. Muling kantahin ang awitin, at hilingin sa mga bata na pumalakpak sa ritmo habang kumakanta kayo.
- Magdispley ng mga simpleng larawang may mahahalagang salita mula sa bawat parirala ng awitin sa paligid ng silid ng Primary (tulad ng *tularan, magmahal, salita at kilos, maiisip*, at *dinggin*), na iniiwang bakante ang dingding sa harapan ng silid. Hilingin sa mga bata na makinig kapag nagsimula kayong kantahin ang awitin. Ipaturo sa kanila ang isang larawan na inaakala nilang tugma sa mga salitang kinakanta ninyo. Ipalipat ito sa isang bata sa dingding sa harapan. Ipakanta sa lahat ang halos buong kanta. Patuloy na kumanta at ulitin ang aktibidad para sa bawat larawan. Pagkatapos ay ilang beses na ipakanta sa mga bata ang buong awitin. Magpatotoo nang kaunti tungkol sa kahalagahan ng pagsisikap na tularan si Jesus.




Makikita ang mga larawan sa sharingtime.lds.org

**Drowing:** *Ang pagpapadrowing sa mga bata ng natutuhan nila ay magpapatibay sa pag-unawa nila sa doktrina. Para higit na mapatibay ang kanilang natutuhan, hikayatin silang ibahagi ang kanilang mga drowing sa kanilang pamilya.*



**Setyembre**

# Itinuturo sa Akin ng Sampung Utos na Mahalin ang Diyos at ang Kanyang mga Anak




*“Kung mahal ninyo ako kayo ay maglilingkod sa akin at susunod sa lahat ng aking kautusan” (D at T 42:29).*

*Dagdagan ng ilang sarili ninyong ideya ang mga ideyang narito. Bawat linggo, magplano ng mga paraan para (1) tukuyin ang doktrina, (2) maipaunawa ito sa mga bata, at (3) tulungan silang maipamuhay ito.* ***Itanong sa sarili, “Ano ang gagawin ng mga bata para matuto, at paano ko sila matutulungang madama ang Espiritu?”***

## Linggo 1: Pagpapalain tayo kapag sinunod natin ang mga utos.

**Tukuyin ang doktrina** *(pagkakita sa isang pakay-aralin):* Anyayahan ang isang ina na dalhin ang kanyang sanggol sa oras ng pagbabahagi. Magpabahagi sa mga bata ng ilang patakaran na makatutulong upang manatiling ligtas ang sanggol. Sabihin sa mga bata na lahat tayo ay mga anak ng Ama sa Langit; mahal Niya tayo at binibigyan tayo ng mga batas o utos na magpapanatili sa ating ligtas at maligaya. Magpakita ng isang larawan ni Moises at ng Sampung Utos, at ikuwento nang kaunti sa mga bata kung paano tinanggap ni Moises ang mga utos (tingnan sa Exodo 19–20).




**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagkanta ng mga awitin):* Ilagay sa pisara ang sumusunod na tatlong parirala: “Igalang at Sambahin ang Diyos,” “Igalang ang mga Magulang,” at “Igalang ang Iba.” Sabihin sa mga bata na ang Sampung Utos ay mapaghihiwa-hiwalay sa tatlong kategoryang ito. Hatiin ang mga bata sa mga grupo at bigyan ang bawat isa ng isang awiting nauugnay sa isa sa mga kategorya. Pagpasiyahin ang bawat grupo kung sino ang kakanta ng awitin (halimbawa, mga lalaki lamang, mga babae lamang, o yaong mga nakapula). Matapos kantahin ang awitin, ipadikit sa isang bata ang awitin sa ilalim ng tamang kategorya. Isiping gamitin ang sumusunod na mga awitin: “Sabado” (*AAP,* 105), “Susunod Ako” (*AAP,* 71), “Ang Tatay Ko” (*AAP,* 111), “Ang Simbahan ni Jesucristo” (*AAP,* 48), at “Sa Akin Nagmumula ang Kabaitan” (*AAP,* 83).

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pagkanta ng isang awitin):* Kantahin ang “Mga Kautusan sa Tuwina ay Sundin” (*AAP,* 68–69), at hilingin sa mga bata na pakinggan ang mga pangako sa atin kapag sinusunod natin ang mga utos. Ipabahagi sa kanila kung paano sila pinagpapala kapag sinusunod nila ang mga utos.



**Maliliit na grupo:** *Ang paghahati sa mga bata sa mga grupo ay maaaring maging epektibong paraan para aktibong makalahok sa aralin ang mas maraming bata.*

## Linggo 2: Dapat kong igalang at sambahin ang Diyos.

**Maghikayat ng pag-unawa at pagsasabuhay** *(pagbabasa ng mga banal na kasulatan):* Ipaliwanag na ang unang apat na utos na ibinigay ng Ama sa Langit kay Moises ay nagtuturo sa atin na dapat nating igalang at sambahin ang Diyos. Isulat sa pisara ang sumusunod na mga pangungusap. Isulat ang mga reperensya sa banal na kasulatan sa apat na papel.

1. Huwag kang magkakaroon ng ibang ____ sa harap ko. (Exodo 20:3)
2. Huwag kang gagawa para sa iyo ng ____ ____. (Exodo 20:4)
3. Huwag mong babanggitin ang pangalan ng Panginoon mong Dios ____ ____. (Exodo 20:7)

4. Alalahanin mo ang ____ ____, upang ipangilin. (Exodo 20:8)

Hatiin ang mga bata sa apat na grupo. Bigyan ng isa sa mga reperensya sa banal na kasulatan ang bawat grupo, at ipabasa sa kanila ang talata at hanapin ang nauukol na pangungusap sa pisara. Papunan sa unang grupo ang kanilang patlang sa pisara at pamunuan ang iba pang mga bata sa pag-uulit nang sabay-sabay sa pangungusap. Talakayin ang kahulugan ng utos, at ipamungkahi sa mga bata kung ano ang magagawa nila para masunod ito. Isulat sa pisara ang kanilang mga mungkahi. Ulitin sa tatlo pang grupo. Hikayatin ang mga bata na pumili ng isa sa mga mungkahi sa pisara na gagawin sa buong linggo.

**Tip:** *Ang mga aralin ayon sa pagkasulat ay maaaring hindi ukol sa partikular na mga pangangailangan ng inyong mga bata. Nauunawaan ninyo ang kanilang mga kakayahan at kalagayan at maiaakma ang mga ideya sa oras ng pagbabahagi para maging epektibo ang mga ito sa inyong Primary.*

## Linggo 3: Dapat kong igalang ang aking mga magulang.

**Tukuyin ang doktrina** *(pagsasaulo ng isang talata sa banal na kasulatan):* Repasuhin nang kaunti ang mga utos na natutuhan ng mga bata noong nakaraang linggo, at ipabahagi sa ilang bata ang ginawa nila para masunod ang mga utos na iyon. Hatiin ang mga bata sa apat na grupo, at bigyan ng isa sa mga wordstrip na makikita sa ibaba ang bawat grupo (tingnan sa Exodo 20:12).

Patayuin ang unang grupo, ipaulit ang mga salita sa kanilang wordstrip, at paupuin, na susundan ng iba pang mga grupo nang magkakasunod. Ipapasa sa mga grupo ang kanilang wordstrip sa ibang grupo, at ipaulit ang aktibidad hanggang sa mabasa ng lahat ng grupo ang bawat wordstrip. Patayuin ang lahat ng bata at ipaulit sa kanila nang sabay-sabay ang utos.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(paglalaro):* Hatiin ang mga bata sa mga grupo. Magpaisip sa bawat grupo ng isang bagay na magagawa nila para igalang ang kanilang mga magulang. Ipasadula nang walang salita sa bawat grupo ang kanilang aksyon, at pahulaan sa ibang mga bata ang ginagawa nila. Kapag tama ang hula nila, ipasulat sa isa sa mga bata sa grupo ang kanilang ideya sa pisara.

**Igalang mo ang iyong ama at ang iyong ina**

**upang ang iyong mga araw**

**ay tumagal sa ibabaw ng lupa**

**na ibinibigay sa iyo ng Panginoon mong Dios.**

Makikita ang mga wordstrip sa sharingtime.lds.org

## Linggo 4: Dapat kong igalang ang iba.

**Tukuyin ang doktrina** *(pagtalakay sa paggalang):* Sabihin sa mga bata na may darating na napakaimportanteng tao sa Primary ngayon. Ipatanghal sa mga bata kung paano nila maipapakita ang paggalang sa taong ito. Pahulaan sa kanila kung sino ang taong ito. Ihimig ang "Ako ay Anak ng Diyos" habang nagdidikit kayo ng bituing papel sa bawat bata. Ipaliwanag na bawat tao ay importante at na dapat nating tratuhin nang may paggalang ang lahat. Sabihin sa mga bata na itinuturo sa atin ng ilan sa Sampung Utos kung paano igalang ang iba.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagtalakay sa mga pinag-aaralang sitwasyon):* Ipaliwanag na ang Sampung Utos ay nagtuturo sa atin na hindi tayo dapat magnakaw o magsinungaling; isang paraan ito ng paggalang natin sa iba. Maghanda ng ilang pinag-aaralang sitwasyon (tingnan sa *PWHDT,* 214–15) na naglalahad ng mga sitwasyon kung saan ang mga bata ay nahaharap sa pagpili tungkol sa pagiging tapat. Hatiin ang mga bata sa mga grupo, at bigyan ng ilang pinag-aaralang sitwasyon ang bawat grupo. Ipabasa sa kanila ang bawat pinag-aaralang sitwasyon at talakayin kung paano sila magiging tapat sa bawat sitwasyon.

*Humanap ng mga pagkakataong mapakitaan ng pagmamahal ang bawat bata. Kapag nagpakita kayo ng pagmamahal sa mga tinuturuan ninyo, higit nilang madarama ang Espiritu at magiging mas masigasig silang matuto (tingnan sa* PWHDT, *39).*




**Oktubre**

# Ang mga Pagpapala ng Priesthood ay Para sa Lahat

*"At gayon din lahat sila na tumanggap ng pagkasaserdoteng ito ay tinanggap ako, wika ng Panginoon" (D at T 84:35).*

*Dagdagan ng ilang sarili ninyong ideya ang mga ideyang narito. Bawat linggo, magplano ng mga paraan para (1) tukuyin ang doktrina, (2) maipaunawa ito sa mga bata, at (3) tulungan silang maipamuhay ito.* ***Itanong sa sarili, "Ano ang gagawin ng mga bata para matuto, at paano ko sila matutulungang madama ang Espiritu?"***

**Mga tanong:** *Ang mabisang pagtatanong ay maghihikayat ng mga sagot na pinag-isipan ng mga bata. Iwasang magtanong ng mga bagay na oo o hindi lang ang sagot.*



**Tip:** *Maging sensitibo sa mga sitwasyon ng pamilya ng mga bata. Bigyang-diin na ang priesthood ay nagpapala sa lahat, anuman ang kasarian, at na ang mga bata na walang maytaglay ng priesthood sa kanilang tahanan ay mapagpapala sa pamamagitan ng mga home teacher, kamag-anak, at mga lider ng Simbahan.*

*Ang mga pakay-aralin ay magagamit upang makawili, maituon ang pansin ng mga bata, o mapasimulan ang isang alituntunin ng ebanghelyo.*

## Linggo 1: Ang karapat-dapat na mga binatilyo ay tumatanggap ng priesthood kapag sila ay 12 taong gulang.

**Tukuyin ang doktrina** *(pagtingin sa isang larawan):* Magpakita sa mga bata ng isang larawan ni Jesucristo na pinasisimulan ang sakramento. Ipaliwanag na ibinigay ni Cristo ang sakramento sa Kanyang mga Apostol at disipulo sa Aklat ni Mormon, at hiniling Niya sa kanila na patuloy na magbasbas at magpasa ng sakramento kapag wala na Siya. Sama-samang basahin ang 3 Nephi 18:5–6. Itanong sa mga bata ang tulad ng: Sino ang nagbabasbas ng sakramento sa ating panahon? Sino ang nagpapasa ng sakramento? Anong kapangyarihan ang kailangang taglayin ng isang tao para makapagbasbas at makapagpasa ng sakramento?

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagtalakay sa doktrina):* Ipaliwanag na ang priesthood ay kapangyarihan ng Diyos na paglingkuran at pagpalain ang mga tao sa lupa. Sa mga huling araw itinuro sa atin ni Cristo na sinumang lalaki ay maaaring magkaroon ng priesthood basta't matugunan niya ang dalawang kinakailangang bagay. Ang una ay nasa edad na siya. Patayuin ang mga bata kapag narinig nilang binanggit ninyo ang edad na maaari nang tumanggap ng priesthood ang isang batang lalaki. Magbilang nang dahan-dahan mula isa hanggang labindalawa. Sabihin sa mga bata na ang isa pang kailangan ay karapat-dapat ang bata. Ipaliwanag ang kahulugan ng maging karapat-dapat, at ipaliwanag na maaaring gamitin ng mga batang lalaki at babae ang "Ang mga Pamantayan Ko sa Ebanghelyo" para malaman nila kung paano mamuhay nang marapat.


**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(paglahok sa isang pisikal na aktibidad):* Hatiin ang mga bata sa mga grupo. Atasan ng isang pamantayan mula sa "Ang mga Pamantayan Ko sa Ebanghelyo" ang bawat grupo. Magpaisip sa bawat grupo ng isang simpleng aksyon na kumakatawan sa kanilang pamantayan. Sambitin ang ilang salitang tutukoy sa isang pamantayan, at patayuin ang inatasang grupo at sabihan na ipakita nila ang kanilang aksyon. Magpatuloy hanggang matapos ang lahat ng grupo. Ipaliwanag na ang pagsunod sa mga pamantayang ito ay tumutulong sa mga batang lalaki na manatiling karapat-dapat na magtaglay ng priesthood at tumanggap ng mga ordenansa ng priesthood at sa mga batang babae na manatiling karapat-dapat na tumanggap ng mga ordenansa ng priesthood, tulad ng binyag at mga ordenansa sa templo.

## Linggo 2: Tinatanggap natin ang mga ordenansa ng kaligtasan sa pamamagitan ng priesthood.



**Tukuyin ang doktrina** *(pagkakita sa isang pakay-aralin):* Pahawakan sa isang bata ang isang bukas na payong. Pasukubin ang ilang bata rito. Ihambing ang payong sa priesthood. Ituro na kung umuulan, lahat ng batang nakasukob sa payong ay pagpapalaing hindi mabasa, hindi lamang ang mayhawak nito. Gayon din, naglaan ang Diyos, sa pamamagitan ng Kanyang priesthood, ng paraan para mapagpala ang lahat ng Kanyang anak. Sa pamamagitan ng priesthood tinatanggap natin ang mga ordenansa ng kaligtasan na nagtutulot sa atin na makabalik at muling makapiling ang Diyos.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagbubuo ng mga puzzle):* Isulat sa magkakahiwalay na papel ang bawat isa sa mga sumusunod: *binyag, kumpirmasyon, ordinasyon sa priesthood (para sa mga lalaki), endowment sa templo,* at *pagbubuklod sa templo.* Gupitin ang bawat piraso ng papel para makabuo ng isang puzzle. Ipaliwanag nang kaunti sa mga bata kung ano ang isang ordenansa (isang sagradong seremonya o gawain na may mga espirituwal na kahulugan), at sabihin sa mga bata na kailangan natin ang ilang ordenansa ng priesthood para muling makapiling ang Ama sa Langit. Magdrowing ng limang baitang sa pisara, at ilagay ang larawan ni Jesucristo sa pinakaitaas na baitang. Hatiin ang mga bata sa limang grupo at bigyan ang bawat grupo ng tig-iisang puzzle na ginawa ninyo. Ipabuo sa kanila ang kanilang puzzle at ipabahagi pagkatapos kung ano ang alam nila tungkol sa ordenansa sa iba pang mga bata sa Primary. Ipapaskil sa mga grupo ang nabuo nilang mga puzzle sa tamang pagkakasunud-sunod sa mga baitang sa pisara.







Makikita ang mga wordstrip sa sharingtime.lds.org

## Linggo 3: Maaari akong tumanggap ng nagpapalakas na kapangyarihan sa pamamagitan ng mga basbas ng priesthood.

**Tukuyin ang doktrina** *(pagtalakay sa doktrina):* Sabihin sa mga bata na itaas ang kanilang kamay at tingnan ito. Itanong sa kanila kung paano nakatutulong ang kanilang mga kamay sa kanilang paglalaro, paggawa, at paghahandang magsimba. Ipasadula sa kanila nang walang salita ang bawat sagot. Pagkatapos ay itanong kung paano magagamit ng mga tao ang kanilang mga kamay para tulungan ang iba. Ipaliwanag na magagamit ng mga maytaglay ng priesthood ang kanilang mga kamay para magbigay ng mga basbas na tutulong at magpapalakas sa atin.

**Maghikayat ng pag-unawa at pagsasabuhay** *(pagtingin sa mga larawan at pagbabahagi ng mga karanasan):* Ipaskil ang mga larawan ng sakramento, binyag, kumpirmasyon, pagbabasbas sa isang sanggol, at pangangalaga sa maysakit sa paligid ng silid, at ipaliwanag kung ano ang nangyayari sa bawat larawan. Ipabakat sa mga bata ang dalawang kamay nila sa isang pirasong papel at ipagupit ang mga ito. Ipasulat ang kanilang pangalan sa harap ng bawat binakat na kamay. Ipateyp ang isa sa kanilang mga kamay na papel malapit sa larawang nagpapakita ng isang pagbabasbas o ordenansang natanggap nila mula sa mga kamay ng isang maytaglay ng priesthood. Pumili ng ilang kamay, at ipabahagi sa mga batang iyon ang kanilang damdamin tungkol sa kung paano sila nabasbasan at napalakas ng priesthood. Ikuwento ang pagbabasbas ni Jesus sa mga bata mula sa 3 Nephi 17:11–25. Maglagay ng larawan ni Jesus kasama ang mga bata sa harap ng silid, at ipateyp sa bawat bata ang pangalawa nilang kamay na papel malapit sa larawan. Ipaliwanag na ang mga maytaglay ng priesthood ay may kapangyarihang kumilos sa pangalan ni Jesucristo; maaari nila tayong basbasan tulad ng gagawin ni Jesus kung Siya ay narito.



*Ang pagtulong sa mga bata na aktibong makalahok sa aralin ay makatutulong na maisaisip nila ang doktrinang itinuturo.*

## Linggo 4: Makapupunta ako sa templo upang tumanggap ng mga ordenansa para sa aking mga ninuno kapag nasa edad na ako.

**Tukuyin ang doktrina at maghikayat ng pag-unawa** *(pagkukulay):* Ipaalala sa mga bata na kailangan nating tumanggap ng ilang ordenansa ng priesthood bago tayo makabalik sa piling ng ating Ama sa Langit. Ipabanggit sa kanila ang ilan sa mga ordenansang iyon. Ipaliwanag na maraming taong namatay nang walang pagkakataong tumanggap ng mga ordenansang ito, at kailangan nila ang tulong natin. Ikuwento sa mga bata ang isa sa inyong mga ninunong namatay bago natanggap ang mga ordenansang ito. Bigyan ang bawat bata ng isang simpleng hugis ng tao na ginupit mula sa papel. Ipadrowing sa kanila ang kanilang sarili mismo sa harap ng papel at ang isang larawan ng ninunong ikinuwento ninyo sa kanila sa likod ng papel. (Kung kilala ng mga bata ang isa sa mga ninuno nilang namatay nang hindi natatanggap ang mga ordenansa ng priesthood, maaari nilang idrowing ang taong iyon.) Ipaulit sa kanila ang tema para sa linggong ito habang hawak nila ang kanilang taong papel sa kanilang harapan. Hilingin sa kanila na ipakita ang larawan nila kapag sinambit nila ang salitang "Ako" at ang larawan ng ninuno kapag sinambit nila ang salitang "mga ninuno."

Nobyembre

# Mapipili Kong Maging Misyonero Ngayon


*"At sinabi niya sa kanila, Magsiyaon kayo sa buong sanglibutan, at inyong ipangaral ang evangelio sa lahat ng kinapal" (Marcos 16:15).*

*Dagdagan ng ilang sarili ninyong ideya ang mga ideyang narito. Bawat linggo, magplano ng mga paraan para (1) tukuyin ang doktrina, (2) maipaunawa ito sa mga bata, at (3) tulungan silang maipamuhay ito.* ***Itanong sa sarili, "Ano ang gagawin ng mga bata para matuto, at paano ko sila matutulungang madama ang Espiritu?"***

**Mga laro:** *Ang mga laro ay nagbibigay ng kaibhan sa mga aralin at tinutulutang makisalamuha ang mga bata sa isa't isa at pinatitibay rin ang alituntunin ng ebanghelyo na itinuturo sa masayang paraan.*

## Linggo 1: Maaari akong maging misyonero sa pamamagitan ng paglilingkod sa iba.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagdudula-dulaan):* Basahin ang Mateo 25:34–40, at ipaliwanag na kapag pinaglilingkuran natin ang iba pinaglilingkuran din natin ang Ama sa Langit (tingnan sa Mosias 2:17) at ang paglilingkod na iyon ay magpapaligaya sa atin at tutulungan tayo na muling makapiling ang Diyos. Ipadula-dulaan sa ilang bata ang ilang paglilingkod, tulad ng pagbibigay ng pagkain sa isang nagugutom, pakikipagkaibigan sa isang taong nalulumbay, o pagbisita sa isang taong maysakit. Pahulaan sa ibang mga bata ang nangyayari sa bawat dula-dulaan. Magpakita ng larawan ng mga misyonero. Itanong kung paano naglilingkod ang mga misyonero sa Diyos. Ipaliwanag na kapag pinaglilingkuran natin ang iba nagiging mga misyonero din tayo.




Makikita ang game board at ruleta sa sharingtime.lds.org

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(paglalaro):* Gumawa ng isang game board na may landas na gawa sa anim na iba't ibang kulay patungo sa isang larawan ni Jesus. Maghanda ng ruletang may anim na bahaging may kulay na katugma ng mga kulay sa game board. Sa bawat kulay isulat ang pangalan ng isang taong mapaglilingkuran ng mga bata, tulad ng isang magulang, isang kaibigan, at isang kapitbahay. Pumili ng isang batang mag-iikot ng ruleta at sabihin kung paano niya mapaglilingkuran ang taong ituturo nito. Pagkatapos ay ipalipat sa bata ang isang pato sa susunod na kuwadrado na tugma sa kulay na nasa ruleta. Ulitin sa iba pang mga bata hanggang makarating ang pato sa larawan ng Tagapagligtas. Ipaalala sa mga bata na kapag pinaglilingkuran natin ang iba pinaglilingkuran natin ang Diyos. Kantahin ang "Kung Tayo'y Tumutulong" (*AAP,* 108).

*Samantalahin ang mga pagkakataong hikayatin ang mga bata na mag-isip. Ang paghamon sa kanilang isipan sa mga tanong o sitwasyong angkop sa kanilang edad ay naghihikayat ng pagkatuto.*

## Linggo 2: Maaari akong maging misyonero sa pamamagitan ng pagpapakita ng mabuting halimbawa.

**Tukuyin ang doktrina** *(pagkakita sa isang pakay-aralin):* Bago mag-Primary, magbuo ng isang istruktura gamit ang blocks, at takpan ito para hindi makita ng mga bata. (Kung walang makuhang blocks, maaari ninyong idrowing ang larawan sa pisara at takpan ng papel ang drowing.) Ilarawan ang nakatagong istruktura at kung paano ninyo ito binuo. Pagkatapos ay bigyan ng ilang blocks ang ilang bata at pasubukin silang magbuo ng isang istrukturang tugma sa binuo ninyo. Pagkatapos nila, alisan ng takip ang inyong istruktura, at pansinin ang mga kaibhan ng dalawa. Muling ipabuo sa mga bata ang kanilang istruktura habang nakatingin sila sa inyong halimbawa. Ipaliwanag na mas madali ang maraming bagay kapag tinularan ninyo ang isang halimbawa.

**Maghikayat ng pag-unawa at pagsasabuhay** *(pakikinig sa mga kuwento at pagkanta ng mga awitin):* Magdispley ng mga larawan at isalaysay nang maikli ang ilang kuwento sa mga



banal na kasulatan kung saan ang mga kabataan ay mabubuting halimbawa (halimbawa, tumanggi si Daniel at ang kanyang mga kaibigan na inumin ang alak ng hari [tingnan sa Daniel 1:5–16]; Sadrach, Mesach, at Abed-nego [tingnan sa Daniel 3:4–29]; at si Daniel sa yungib ng mga leon [tingnan sa Daniel 6]). Magpakita ng larawan ng mga misyonero, at itanong sa mga bata kung paano naging mabubuting halimbawa ang mga misyonero. Ipaliwanag na kapag nagpakita tayo ng mabuting halimbawa, tayo ay nagiging mga misyonero dahil ang ating halimbawa ay makatutulong sa iba na naising makaalam pa tungkol kay Jesucristo. Magbahagi ng ilang pagkakataon na nakakita kayo ng mga bata sa inyong ward o branch na naging mabubuting halimbawa.



Ipakanta sa mga bata ang "Magliwanag" (*AAP,* 96). Habang sila ay kumakanta, sabihin sa kanila na pagpasa-pasahan ang isang araw na gawa sa papel. Tuwing hihinto ang tugtog, ipasabi sa batang may hawak ng araw kung paano siya magiging mabuting halimbawa (halimbawa, maging mabait, magsabi ng totoo, o yayain ang mga kaibigan sa Primary).

Pagawin ang bawat isa sa mga bata ng sarili nilang araw na gawa sa papel na may nakasulat na "Maaari Akong Maging Maliwanag na Halimbawa." Ipataas sa mga bata ang kanilang araw na papel habang kinakanta nila ang "Tila Ba Ako'y Isang Tala" (*AAP,* 84), "Isang Sinag ng Araw" (*AAP,* 38–39), o "Magliwanag" (*AAP,* 96).



## Linggo 3: Matuturuan ko ang aking mga kaibigan tungkol kay Jesucristo at sa Kanyang Simbahan.

**Tukuyin ang doktrina** *(panonood ng pagtatanghal):* Kamayan ang isa o mahigit pang mga bata at magdula-dulaan na iniimbitahan silang dumalo sa Primary at matuto tungkol kay Jesus. Pagbilinan ang mga tumanggap ng imbitasyon na imbitahan ang iba hanggang sa maimbitahan ang lahat ng bata. Ipaliwanag na nais ng Panginoon na lahat tayo ay maging misyonero sa pamamagitan ng pagtuturo sa ating mga kaibigan tungkol kay Jesucristo at sa Kanyang Simbahan.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pakikinig sa isang kuwento):* Ibahagi ang kuwento ni Pangulong Spencer W. Kimball tungkol sa isang batang lalaking Primary na isang mabuting misyonero: Tinanong ng isang lalaki sa tren ang bata tungkol sa Simbahang Mormon. Binigkas ng bata ang buong Saligan ng Pananampalataya. Hangang-hanga ang lalaki na alam ng batang ito ang pinaniniwalaan niya kaya nagtungo siya sa Salt Lake City para makaalam pa tungkol sa Simbahan (tingnan sa Conference Report, Okt. 1975, 117–19; o *Ensign,* Nob. 1975, 77–79). Ipaliwanag na ang pag-aaral ng mga Saligan ng Pananampalataya ay makatutulong sa atin na maging mga misyonero ngayon.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pagrerepaso ng Mga Saligan ng Pananampalataya):* Maghanda ng 13 piraso ng papel na may nakasulat na numero mula 1 hanggang 13 sa bawat isa. Hatiin ang mga bata sa mga grupo. Papiliin ang bawat grupo ng isang pirasong papel at magtulungan sila para malaman ang saligan ng pananampalatayang nauukol sa numerong iyon. Kapag handa na ang bawat grupo, ipabigkas ito sa kanila sa iba pang mga bata at kumuha ng isa pang papel pagkatapos. Magpatuloy habang may oras pa.

**Tip:** *Isiping gamitin ang buwanang banal na kasulatan upang maragdagan ang anumang aralin sa oras ng pagbabahagi. Maaari din ninyong idispley ang buwanang tema sa silid ng Primary.*

## Linggo 4: Makapaghahanda ako ngayon na maglingkod sa full-time mission.

**Tukuyin ang doktrina** *(pagkakita sa mga bagay na nauugnay sa gawaing misyonero):* Maghanda ng maliit na bag o maletang naglalaman ng mga bagay na ginagamit ng mga full-time missionary, tulad ng sapatos na pangsimba, kurbata, at mga banal na kasulatan. Padukutin ang ilang bata ng mga bagay mula sa bag at ipakita ang mga ito sa iba pang mga bata. Itanong sa mga bata kung bakit hindi nagiging handa ang isang tao na maging misyonero sa pagkakaroon ng mga bagay na ito. Basahin ang Doktrina at mga Tipan 84:62, at sabihin sa mga bata na pakinggan ang isa pang bagay na kailangan ng bawat misyonero (patotoo). Patotohanan ang kahalagahan ng pagtatamo ng personal na patotoo.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagtingin sa mga larawan at pagsagot sa mga tanong):* Ipaunawa sa mga bata ang mahahalagang bahagi ng isang patotoo. Magdispley ng mga larawang sumasagisag sa ilan sa mga bahaging iyon (halimbawa, na mahal tayo ng Ama sa Langit, na si Jesucristo ang ating Tagapagligtas, na si Joseph Smith ay propeta, na Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang tunay na Simbahan ng Panginoon, at na tayo ay pinamumunuan ng isang buhay na propeta). Magtanong ng ilang bagay tungkol sa bawat larawan, tulad ng: Ano o sino ito? Ano ang alam ninyo tungkol dito? Paano ninyo mapapalakas ang inyong patotoo tungkol dito? Magpabanggit sa mga bata ng mga taong mababahaginan nila ng kanilang patotoo. Magpatotoo na kapag ibinahagi ng mga bata ang nalalaman nila sa iba, lalago ang kanilang patotoo at maghahanda silang makapagmisyon.



*Magplano ng mga paraan para makuha ang pansin ng mga bata sa simula ng isang aktibidad. Halimbawa, sa aktibidad na ito magiging interesado ang mga bata habang inaantabayanan nila ang madudukot sa bag.*

**Disyembre**

# Si Jesucristo ang Anak ng Diyos

*"Masdan, ako si Jesucristo, ang Anak ng Diyos. Ako ang buhay at ang ilaw ng sanlibutan"* (D at T 11:28).

*Dagdagan ng ilang sarili ninyong ideya ang mga ideyang narito. Bawat linggo, magplano ng mga paraan para (1) tukuyin ang doktrina, (2) maipaunawa ito sa mga bata, at (3) tulungan silang maipamuhay ito.* ***Itanong sa sarili, "Ano ang gagawin ng mga bata para matuto, at paano ko sila matutulungang madama ang Espiritu?"***



*Ang pagtutulot sa mga bata na makilahok sa pagkukuwento ay magpapanatili sa kanilang pansin at paglahok.*

## Linggo 1: Isinugo ng Ama sa Langit ang Kanyang Anak sa lupa.

**Tukuyin ang doktrina** *(pag-uulit sa isang activity verse):* Ulitin nang ilang beses sa mga bata ang sumusunod na activity verse:

Isinugo ng Ama sa Langit ang Kanyang Anak sa lupa.
Pumarito Siya bilang isang sanggol. *(pagsalikupin ang mga braso)*
Lumaki Siyang katulad natin. *(yumukod mula sa baywang at dahan-dahang dumiretso)*
Dahil mahal Niya tayo, *(mga kamay sa dibdib)* namatay Siya para sa atin. *(umupo)*
Dahil Siya ay nabuhay na mag-uli, mabubuhay tayong muli! *(muling tumayo)*

Ipaliwanag na sa mga banal na kasulatan, sinasabi sa atin ni Jesus na Siya ang Anak ng Diyos. Sama-samang basahin nang malakas ang Doktrina at mga Tipan 11:28. (Maaari ninyong imbitahan ang mga batang nakababata na sabihin lang na "ang Anak ng Diyos" kapag binasa ninyo ang bahaging iyon ng talata.)

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagdodrowing at pakikinig sa isang kuwento):* Pagdrowingin ang bawat bata ng isang tagpo o isang tao mula sa kuwento ng pagsilang ni Jesucristo (halimbawa, si Maria, si Jose, o ang mga pastol). Muling isalaysay ang kuwento mula sa Lucas 2:4–17 at Mateo 2:1–12. Ipataas sa mga bata ang kanilang mga larawan sa tamang panahon sa kuwento. Maaari kayong kumanta ng mga awiting Pamasko mula sa *Aklat ng mga Awit Pambata* sa aktibidad na ito (tingnan sa mga pahina 20, 22, 24–26, 28, 30, 32). Para sa mga mungkahi tungkol sa paggamit ng musika sa pagtuturo, tingnan sa *PWHDT,* 227–31.

## Linggo 2: Lumaki si Jesus sa karunungan at pangangatawan at sa pagbibigay-lugod sa Diyos at sa tao.

*Sa aktibidad na ito, makauugnay ang mga bata kay Jesucristo sa pagkaunawa na lumaki Siyang tulad nila.*

**Tukuyin ang doktrina** *(pagkanta ng isang awitin at pagsasaulo ng isang talata sa banal na kasulatan):* Magdispley ng mga larawan na nagpapakita ng paglaki ni Cristo mula sa pagiging sanggol hanggang sa maging bata hanggang sa maging matanda. Samang-samang kantahin ang "Minsa'y Naging Musmos si Cristo" (*AAP,* 34), at ipapaliwanag sa mga bata kung ano ang itinuturo ng awitin tungkol kay Jesus. Tulungan ang mga bata na isaulo ang Lucas 2:52 sa pamamagitan ng paggamit ng mga simpleng aksyon para kumatawan sa mga paraan ng paglaki ni Jesus: sa karunungan *(ituro ang ulo),* sa pangangatawan *(palakihin ang mga kalamnan),* at sa pagbibigay-lugod sa Diyos *(pagsalikupin ang mga braso)* at sa tao *(kumaway sa isang kaibigan).*




**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pagbabasa ng mga banal na kasulatan at paglahok sa mga aktibidad):* Hatiin ang silid sa apat na lugar, at ilagay ang isa sa sumusunod na mga karatula sa bawat lugar: *Lumaki si Jesus sa karunungan*—D at T 88:118; *lumaki si Jesus sa pangangatawan*—D at T 89:20; *lumaki si Jesus sa pagbibigay-lugod sa Diyos*—D at T 88:63; *lumaki si Jesus sa pagbibigay-lugod sa tao*—Mga Kawikaan 18:24. Maghanda ng simpleng aktibidad para sa bawat lugar, tulad ng mga tanong na angkop sa edad tungkol sa Ama sa Langit at sa Kanyang mga utos ("karunungan"), isang medida para itala ang tangkad ng bawat bata at papel para pagdrowingan ng mga larawan ng masusustansyang pagkain ("pangangatawan"), at mga kuwento mula sa *Friend* o *Liahona* tungkol sa patotoo at pagkakaibigan ("sa pagbibigay-lugod sa Diyos" at "sa pagbibigay-lugod sa tao"). Ipaliwanag na lahat tayo ay lumalaki sa gayon ding mga paraan na katulad ni Jesus—"sa karunungan at sa pangangatawan, at

sa pagbibigay lugod sa Dios at sa mga tao" (Lucas 2:52). Hatiin ang mga bata sa apat na grupo, at sabihin sa isang adult na akayin ang bawat grupo sa isa sa mga karatula, kung saan babasahin nila nang sabay-sabay ang banal na kasulatan at lalahok sila sa aktibidad. Magpatugtog ng marahang musika kapag oras na para lumipat ang mga bata sa ibang karatula.


**Magrepaso:** *Disyembre ang magandang buwan para magrepaso. Isiping ulitin ang isang aktibidad mula sa isang naunang aralin, ipabahagi sa mga bata ang mga paraan na naipamuhay nila ang doktrina sa linggong iyon, o itanong kung paano nila naibahagi ang doktrina sa kanilang pamilya.*

## Linggo 3: Si Jesucristo ang liwanag at buhay ng mundo.

**Tukuyin ang doktrina** *(paggawa ng isang aktibidad batay sa banal na kasulatan):* Ilagay ang mga larawan ng pagsilang at kamatayan ni Cristo sa magkabilang panig ng silid. Sabihin sa mga bata na babasahin ninyo ang ilang talata tungkol sa mga palatandaan ng pagsilang ni Jesus o mga palatandaan ng Kanyang kamatayan. Paharapin ang mga bata sa larawang tumutugma sa mga talatang binabasa ninyo. (Kung kakaunti ang bata sa inyong Primary, maaari ninyong palakarin ang mga bata papunta sa mga larawan.) Basahin ang 3 Nephi 1:15, 19, 21; 8:20, 22–23. Talakayin kung paano naghatid ng liwanag si Jesucristo sa mundo. Patakpan sa mga bata ang kanilang mga mata at ipalarawan sa kanilang isipan ang ilang hamon na maaari nilang kaharapin kung mabubuhay sila na walang liwanag. Ihambing ang mga hamong ito sa mga kakaharapin natin kung wala tayong ebanghelyo ni Jesucristo. Basahin ang Juan 8:12, at sabihin sa mga bata na pakinggan kung ano ang dapat gawin para hindi tayo lumakad sa kadiliman.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(paglalaro ng hulaan):* Ipaliwanag na maraming simbolong tutulong sa atin na maalala na si Jesus ang liwanag ng mundo; ang ilan sa mga simbolo ay ginagamit tuwing Pasko. Ilagay ang ilan sa mga simbolong ito (tulad ng mga kandila, bituing papel, o mga ilaw) sa isang bag. Padukutin ang isang bata sa bag, pahawakan sa kanya ang isa sa mga bagay nang hindi ito tinitingnan, pahulaan kung ano ito, at pagkatapos ay ipakita niya ito sa ibang mga bata. Magpabahagi sa bata ng isang bagay na ginawa ni Jesucristo upang makapaghatid ng liwanag sa ating buhay. Ulitin sa iba pang mga bagay.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pagdodrowing ng isang larawan):* Bigyan ng isang araw na gawa sa papel ang bawat bata. Pasulatin o pagdrowingin sila ng larawan ng isang paraan na masusundan nila ang liwanag ni Jesucristo. Hikayatin silang ipakita ang kanilang papel sa kanilang pamilya.



Makikita ang drowing ng araw sa sharingtime.lds.org

## Linggo 4: Nakita at pinatotohanan ni Joseph Smith si Jesucristo.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagbubukas ng mga regalo):* Ibalot ang isang larawan ng Unang Pangitain bilang regalo. Ipaliwanag na maraming taong nagreregalo para ipagdiwang ang mga kaarawan. Itanong kung kaninong kaarawan ang ipinagdiriwang natin tuwing Pasko. Ipaliwanag na isa pang importanteng tao ang may kaarawan sa Disyembre. Pabuksan ang regalo sa isang bata upang matuklasan kung sino ang taong iyon. Sabihin sa mga bata na Disyembre 23 ang kaarawan ni Joseph Smith. Talakayin ang Unang Pangitain, at ipaliwanag na binigyan tayo ng mahahalagang regalo dahil nakita at pinatotohanan ni Joseph Smith si Jesucristo. Sa pisara isulat ang, "Binigyan tayo ng mga regalo dahil nakita at pinatotohanan ni Joseph Smith si Jesucristo." Maghanda ng apat na malalaking papel, na nasusulatan ng isa sa sumusunod na mga regalo ang bawat isa: "Nasa atin ang Aklat ni Mormon." "Nasa atin ang tunay na Simbahan sa lupa ngayon." "Nasa atin ang priesthood." "Alam natin na nakikinig at sumasagot ang Ama sa Langit sa mga dalangin."

Hatiin ang mga bata sa apat na grupo. Bigyan ng isa sa mga papel ang bawat grupo, at pagdrowingin sila ng isang larawan ng regalong iyon. Ipabigay ang kanilang larawan sa isa pang grupo bilang regalo. Sabihin sa bawat grupo na ipakita at ipaliwanag ang kanilang regalo sa ibang mga bata at ilagay ang larawan sa pisara.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pagpapatotoo tungkol kay Jesucristo):* Papikitin ang mga bata at ipaisip ang isang taong mababahaginan nila ng regalo ng ebanghelyo. Sabihin na matutularan nila si Joseph Smith at mapatototohanan si Jesucristo.




Makikita ang mga wordstrip sa sharingtime.lds.org



**Patibayin ang mga alituntunin ng ebanghelyo:** *Ang pagtatanghal ng musika sa oras ng pagbabahagi ay nakatutulong na mapatibay ang mga alituntuning itinuturo ng Primary presidency. "Ang musika ay isang napakagandang paraan para maanyayahan ang Espiritu ng Panginoon sa inyong mga aralin. Ang musika ay nakakatulong sa atin na magpahayag ng damdaming maaaring mahirap sabihin"* (Gabay na Aklat sa Pagtuturo *[2001], 10).*

**Magtanong:** *Gumamit ng mga tanong para mailahok ang mga bata. Ang mga tanong ay nakatutulong na magpokus sa pakikinig ang mga bata at nagpapaibayo ng kanilang pag-unawa sa mga alituntunin ng ebanghelyo (tingnan sa AAP, 149). Alalahaning magtanong sa paraang matutuklasan ng mga bata ang sagot habang kinakanta nila ang awitin.*

# Paano Gamitin ang Musika sa Primary

*Ang layunin ng musika sa Primary ay ituro sa mga bata ang ebanghelyo ni Jesucristo at tulungan silang matutong ipamuhay ito. Ang mga awitin sa Primary ay mas nagpapasaya sa pag-aaral, tumutulong sa mga bata na matutuhan at maalala ang mga katotohanan ng ebanghelyo, at nag-aanyaya ng Espiritu sa Primary.*

*Ang sumusunod ay mga pamamaraang makatutulong sa inyo na maituro sa mga bata ang ebanghelyo sa pamamagitan ng musika. Ang mga halimbawa ay makatutulong sa inyo sa mga awiting iminungkahi sa outline na ito. Tingnan ang mga bahaging "Paano Gamitin ang Musika sa Primary" sa 2010 at 2011 outline para sa karagdagang mga ideya.*

## Pagtuturo ng Ebanghelyo sa pamamagitan ng Musika

Ang ilan sa pinakamagagandang araling itinuro sa Primary ay itinuro sa pamamagitan ng musika. "Ang musika ay magpapalago sa pag-unawa ng mga bata tungkol sa mga alituntunin ng ebanghelyo at magpapalakas sa kanilang patotoo" (*PWHDT*, 229). Isiping magtanong tungkol sa isang awitin para maipaunawa sa mga bata ang kahulugan nito. Halimbawa, itinuturo ng "Piliin ang Tama" (*Mga Himno,* blg. 145) na hindi tayo nag-iisa sa paggawa ng mga desisyon sa buhay; gagabayan tayo ng Banal na Espiritu sa paggawa ng mga tamang pagpili. Idrowing sa pisara ang outline ng tatlong kalasag na PAT at isulat ang sumusunod na mga tanong sa loob nito: "Sino ang gagabay sa akin na piliin ang tama?" "Kailan magliliwanag sa akin ang tulong?" at "Ano ang ipinangako kapag pinili ko ang tama?" Ituro ang unang kalasag, sama-samang basahin ang tanong, at sabihin sa mga bata na makinig habang kinakanta ninyo ang awitin at tumayo pagkatapos kapag narinig nila ang sagot. Ipakanta sa kanila nang ilang beses ang sagot kasabay ninyo. Makatutulong ito para maitugma nila ang mga salita sa himig. Ulitin sa iba pang mga tanong. Talakayin ang mga parirala o salitang maaaring mahirap maunawaan ng mga bata. Kantahin ang buong awitin, at ipaalala sa mga bata na kapag kinakanta nila ito, pinatototohanan nila na tutulungan tayo ng Banal na Espiritu kung tayo ay makikinig at gagawa ng mga tamang pagpili.

## Ilahok ang Lahat ng Bata sa mga Aktibidad na Musikal

Ang mga bata na may iba't ibang edad at kakayahan ay tumutugon sa musika at nagagalak na lumahok sa mga aktibidad na musikal. Ang mga ritmo ng mga awitin ay nagpapaalala sa mga bata ng kanilang kinakanta at ang mensahe ng mga salita. Habang kinakanta ninyo ang "Ang Tama'y Ipaglaban" (*AAP*, 81), isiping baguhin ang bilis at lakas ng pagkanta. Isiping ituro ang mga katagang pangmusika tulad ng *legato* (marahan at banayad) at *staccato* (mabilis at paudlut-udlot) at pagpapakanta ng awitin sa mga bata sa dalawang paraang ito.

Gustung-gusto ring makilahok ng mga bata sa paggalaw, tulad ng pagpalakpak ayon sa tugtog o paggalaw ng kamay ayon sa mga titik ng awitin. Sa awiting "Ang Matalino at ang Hangal" (*AAP,* 132), makatutulong ang mga paggalaw ng kamay para makatuon ang mga bata sa mga titik ng awitin. Magagamit din ninyo ang mga galaw sa pagkanta ng "Ang Katapangan ni Nephi" (*AAP,* 64–65). Halimbawa, pagkunwariin ang mga bata na may hawak silang kalasag sa isang bisig kapag kinanta nila ang "Gagawin," magkunwaring mayhawak silang espada sa bandang ulunan kapag kinanta nila



ang “susundin, utos ng Diyos sa ‘kin,” at magmartsa sa lugar kapag kinanta nila ang “Magbibigay s’ya ng daan; upang ito’y tupdin.” Pag-isipin ang mga bata ng sarili nilang angkop na mga galaw para sa anumang awitin (maaaring hindi angkop ang ilang galaw sa pagtatanghal sa sacrament meeting).

## Repasuhin ang mga Awitin upang Mapatibay ang mga Alituntunin ng Ebanghelyo

Kapag nagturo kayo ng isang awitin, kakailanganin ninyo itong ulit-ulitin para matutuhan ito ng mga bata. Kakailanganin din ninyong repasuhin ang mga awitin sa buong taon upang manatili ito sa isipan ng mga bata. Matapos ituro ang awitin, repasuhin at kantahin ito sa iba’t ibang masasayang paraan. Patuloy na kantahin ang mga awitin kahit tapos na ang pagtatanghal sa sacrament meeting para maalala ito ng mga bata. Isiping isulat ang mga awiting nais ninyong repasuhin ng mga bata tungkol sa iba’t ibang bagay (halimbawa, mga bulaklak sa garapon, isdang papel sa lawa, mga balahibo sa pabo, mga dahon sa puno, o mga pusong nakadikit sa buong silid). Papiliin ng paisa-isang bagay ang mga bata at pagkatapos ay kantahin ang awitin. Ang sumusunod ay ilang karagdagang ideya kung paano repasuhin ang mga awitin (makikita ang mga visual sa sharingtime.lds.org):



- *Singing Cube:* Gumawa ng isang cube na may nakasulat na iba’t ibang galaw sa bawat panig. Sabihin sa sa isang bata na pagulungin ang cube upang malaman kung anong galaw ang gagawin nila habang sila ay kumakanta.



- *Mga Babae ang Kakanta/Mga Lalaki ang Kakanta:* Gumawa ng larawan ng isang lalaki at larawan ng isang babae, at idikit o iteyp ang mga ito sa magkahiwalay na patpat. Habang nirerepaso ang awitin, pagpalitin ang mga larawan para ipakita kung sino ang dapat kumanta. Panatilihin nitong lumalahok nang aktibo ang mga bata.



- *Mga Puppet na Kumakanta:* Kopyahin at gupitin ang isa sa mga larawan sa pahina 63 ng manwal ng nursery na, *Masdan ang Inyong mga Musmos,* para kulayan ng bawat bata. Idikit o iteyp ang bawat larawan sa isang supot na papel para makagawa ng mga puppet. Pakantahin ang mga bata kasama ang kanilang puppet.



- *Pag-itsa sa Basket:* Pag-itsahin ng isang beanbag o nilukot na papel sa basket ang isa sa mga bata. Kung maibuslo niya ito sa unang pag-itsa, ipakantang minsan sa mga bata ang talata; kung dalawang beses siya nag-itsa, ipakanta nang dalawang beses sa kanila ang talata, at kung anu-ano pa.



**Tip:** *Hikayatin ang mga bata na kantahin ang mga awitin sa Primary sa family home evening, pag-aaral ng mga banal na kasulatan, at iba pang angkop na mga pagkakataon.*



# Bilang Anak ng Diyos

*Masaya* ♩ = 96–108

Mga titik at himig ni Janice Kapp Perry




Karapatang-sipi © 2006 ni Janice Kapp Perry. Lahat ng karapatan ay nakalaan.
Ang awiting ito ay maaaring kopyahin para sa insidental at di-pangkalakal na gamit sa tahanan at sa simbahan.
Ang paunawaang ito ay dapat isama sa bawat kopyang ginawa.

# Pagtuturo sa mga Batang May Kapansanan

*Itinuro ng Tagapagligtas, "Lahat ng iyong mga anak ay tuturuan ng Panginoon; at malaki ang magiging kapayapaan ng iyong mga anak" (3 Nephi 22:13).*

***Mahalagang responsibilidad ng mga lider ng Primary na ituro ang ebanghelyo ni Jesucristo sa lahat ng bata, pati na sa mga yaong may kapansanan. Primary ang lugar kung saan bawat bata ay dapat tanggapin, mahalin, pangalagaan, at ibilang. Sa kapaligirang ito mas madaling maunawaan ng lahat ng bata ang pagmamahal ng ating Ama sa Langit at ni Jesucristo at madama at makilala ang impluwensya ng Espiritu Santo.***



## Bawat bata ay mahalaga sa Diyos. Bawat isa ay nangangailangan ng pagmamahal, paggalang, at suporta.


Sumangguni sa iba habang sinisikap ninyong tugunan ang mga pangangailangan ng mga bata sa inyong Primary na may mga kapansanan.

1. **Sumangguni sa mga magulang ng bata.** Karaniwan ay mas kilala ng mga magulang ang kanilang anak kaysa sinuman. Maituturo nila sa inyo kung paano tugunan ang kanyang mga pangangailangan, haba ng atensyon, at mga paboritong paraan sa pag-aaral. Halimbawa, may ilang batang mahusay tumugon sa musika, ang iba naman ay sa mga kuwento, larawan, banal na kasulatan, o paggalaw. Gumamit ng iba't ibang pamamaraan sa pagtuturo, at tiyaking magsama ng mga paraan na higit na natututo ang bawat bata.

2. **Sumangguni sa iba pang mga lider at guro sa Primary.** Sama-samang manalangin at magsikap na makahanap ng mga paraan na matulungan ang bawat bata na matutuhan ang ebanghelyo ni Jesucristo at makadama ng pagmamahal.

3. **Sumangguni sa ward council.** Maaaring may mga ideya ang mga lider ng priesthood at iba pang auxiliary kung paano tulungan ang mga batang may mga espesyal na pangangailangan. Sa isang ward, nag-alok ang high priests group na maglaan ng isang "lolo para sa Primary" linggu-linggo na kakausap sa isang batang lalaking autistic. (Ang pinakamainam, iisang tao lang ito bawat linggo.) Nakatulong ito sa batang lalaki na magtuon sa aralin at makadama ng pagmamahal.

Itinuro ni Elder M.Russell Ballard, "Malinaw, na ang mga pinagkatiwalaang magkaroon ng mga natatanging anak ay pinagkalooban ng sagrado at marangal na pangangalaga, dahil tayo ang hinirang ng Diyos na palibutan ang mga bata ngayon ng pag-ibig at ng apoy ng pananampalataya at ng pag-unawa kung sino sila" ("Great Shall Be the Peace of Thy Children," *Ensign,* Abr. 1994, 60).



Makikita ang mga iginuhit na pigura sa sharingtime.lds.org



**Para sa iba pang impormasyon** *kung paano tulungan ang mga batang may mga espesyal na pangangailangan, tingnan sa* Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin, *47–49, at sa disabilities.lds.org.*

*Mahusay tumugon ang ilang batang may kapansanan sa mga hudyat na nakikita. Gumamit ng mga hudyat tulad ng makikita rito upang ipahiwatig kung oras nang manalangin, tumahimik, o kumanta.*

**Pag-aakma ng mga aralin:** *Maaaring kailanganin ninyong iakma ang inyong mga oras ng pagbabahagi sa mga batang may kapansanan. Tingnan sa sharingtime.lds.org para sa ilang halimbawa kung paano gawin ito.*



ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

TAGALOG
4 02134 84893 8
13484 893

Inilathala ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw
© 2016 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa USA.
Pagsang-ayon sa Ingles: 4/16.
Pagsang-ayon sa pagsasalin: 4/16. Pagsasalin ng *Outline for Sharing Time: Choose the Right.* Tagalog. 13484 893